

PROTEKTADO KAMI!



Child Protection Toolkit: Gabay ng Magulang

PROTEKTADO KAMI!



Child Protection Toolkit: Gabay ng Magulang

Mensahe ng *Country Director*

Isang makabatang araw sa inyong lahat!

Kami sa **Educo Philippines** ay buong pusong ibinabahagi sa inyo ang **Child Protection Toolkit**, isang mahalagang gabay na ginawa **para sa inyo—mga magulang at tagapangalaga—na itinuturing naming pangunahing tagapagtanggol at tagapagtaguyod ng kaligtasan at kapakanan ng inyong mga anak.**

Bilang mga magulang, kayo ang **unang guro at pangunahing gabay** ng inyong mga anak. Kayo ang kanilang **kanlungan, inspirasyon, at sandigan** sa kanilang paglaki. Sa pamamagitan ng *toolkit* na ito, nais naming mapalakas ang inyong kakayahan na **protektahan, gabayan, at suportahan** ang inyong mga anak sa harap ng mga hamon ng makabagong panahon.

Ang **Child Protection Toolkit** ay naglalaman ng:

- **Mahalagang impormasyon** tungkol sa mga karapatan ng mga bata,
- **Praktikal na gabay** upang matulungan kayong makilala ang mga senyales ng panganib at pang-aabuso,
- **Mga estratehiya** upang mapanatili ang isang ligtas at mapagmahal na tahanan, at
- **Mga paraan** upang mapalakas ang bukas na komunikasyon at tiwala sa inyong pamilya.

Sa pamamagitan ng pag-unawa sa kanilang mga karapatan at pag-alam kung paano masisiguro ang kanilang kaligtasan, kayo ay magiging mas handa na harapin ang anumang hamon na maaaring dumating. Hinihikayat namin kayo na gamitin ang toolkit na ito upang:

- **Pangalagaan ang inyong mga anak mula sa anumang uri ng pang-aabuso,**
- **Magtaguyod ng isang kapaligirang may respeto at pang-unawa,** at
- **Ituro sa kanila ang kahalagahan ng kaligtasan at paggalang sa kanilang sarili at sa iba.**

Ang inyong **pakikilahok at aktibong suporta** sa buhay ng inyong anak ay makapagdudulot ng positibong pagbabago, hindi lamang sa kanila kundi sa buong komunidad. Sama-sama nating buuin ang isang **ligtas, mapagmahal, at protektadong mundo** kung saan ang bawat bata ay may pagkakataong **magsaya, matuto, at lumaking may tiwala sa sarili.**



Marlon A. Villanueva
Country Director

Pagkilala

Ang Educo Philippines ay taos-pusong nagpapasalamat sa mga tao at grupong tumulong upang maisakatuparan ang Toolkit na ito. Ang inyong pangkalahatang pagsisikap at determinasyon ay nagbigay-daan para makalikha ng isang mas mapagkalingang kapaligiran para sa mga bata.

Ipinapahayag din namin ang aming taos-pusong pagkilala sa aming mga naging katuwang na buong pusong naglaan ng kanilang oras at kaalaman upang gawin ang toolkit na ito. Naniniwala kami na ito ang magsisilbing gabay upang patuloy na maitaguyod ang karapatan ng mga bata. Lubos naming pinasasalamatan ang mga ahensya sa Bicol at ang aming mga kasamahan na aktibong lumahok sa proseso ng mga konsultasyon at naging kaisa ng Educo Philippines sa layuning mapalalim at mapalawig ang pag-unawa sa karapatan at kapakanan ng mga bata. Pinasasalamatan namin ang Department of Social Welfare and Development (DSWD), Department of the Interior and Local Government (DILG), Council for the Welfare of Children (CWC), Department of Education (DepEd), Commission on Human Rights (CHR), Department of Labor and Employment (DOLE), World Vision Development Foundation (WVDF), Inc., Bicol Center for Community Development, Inc., at Simon of Cyrene Community Rehabilitation and Development Foundation, Inc. sa kanilang matatag na suporta para sa mga bata.

Lubos din kaming nagpapasalamat sa aming mga katuwang sa lokal na pamahalaan (LGUs) mula sa aming mga sponsored program areas (SPAs), ang mga Pamahalaang Panlalawigan ng Albay, Sorsogon, at Catanduanes; Pamahalaang Bayan ng Manito, Pilar, Castilla, Donsol, at Caramoran. Salamat sa inyong patuloy na pagtaguyod ng isang mapagmahal at mapagkalingang kapaligiran para sa mga bata. Kinikilala rin namin ang aming mga community volunteers mula sa iba't ibang sponsored program areas sa kanilang ginagawa. Ang inyong patuloy na suporta ang nagsisiguro na naihahatid natin ang pinakamahusay na serbisyo para sa mga bata.

Higit sa lahat, ang aming taos-pusong pasasalamat sa lahat ng mga bata na patuloy na nagbibigay-inspirasyon sa amin. Ang inyong aktibong pakikilahok sa proseso ng pagbuo ng toolkit na ito ay tunay na nagpapalakas at nagpapatibay sa karapatan at kapakanan ng bawat bata. Salamat sa pagiging mahalagang bahagi ng aming paglalakbay tungo sa isang mundo na kung saan ganap na tinatamasa ng lahat ng bata ang kanilang mga karapatan at namumuhay nang may dignidad.

Sa lahat ng mga mambabasa ng Toolkit na ito, nawa'y maging daan ito upang mapalakas ang inyong kakayahan sa pagtataguyod ng mga komunidad na nagpoprotekta, nangangalaga, at nagpapahalaga sa kapakanan ng mga bata.

Nawa'y ang Toolkit na ito ay magsilbing isang mahalagang mapagkukunan ng kaalaman upang higit na maunawaan at maisulong ang karapatan, kapakanan, at kagalingan ng bawat bata.

Mga Nilalaman

1 Panimula

- i Pabalat
- ii Mensahe ng *Country Director*
- iii Pagkilala
- iv Mga Nilalaman
- v Talaan ng Akronim
- vii Para kanino ang *Toolkit* na ito?
- viii Kilalanin ang Team Proteksiyon
- x Introduksyon

2 Child Protection Aspects

- 01 Bakit kailangan ng Proteksiyon ng Bata?
- 02 Ano ang UNCRC?
- 05 *Roadmap* ng Kasaysayan ng UNCRC
- 08 Kategoriya ng Karapatang Pambata
- 13 Mga Prinsipyo ng Karapatang Pambata
- 18 Mga Responsibilidad mo bilang Bata

3 Awareness on Child Abuse

- 24 Ang kahulugan ng salitang Bata
- 26 Ano ang *Child Abuse*?
- 28 Iba't ibang Uri ng Pang-aabuso
- 29 Pisikal na Pang-aabuso
- 31 Seksuwal na Pang-aabuso
- 33 Sikolohikal at Emosyonal na Pang-aabuso
- 35 Kapabayaang
- 38 Bullying
- 41 OSAEC
- 45 *Child Labor*
- 50 *Children in Situations of Armed Conflict*
- 55 Mga Dapat Gawin Sakaling Makaranas ng Pang-aabuso

4 Child Protection Framework and Mechanism

- 61 Ano ang *Child Protection*?
- 62 Ano ang *Child Protection System*?
- 63 Mga *International Legal Framework* ng *Child Protection*
- 66 Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata
- 93 Mga mekanismo at estratehiya sa pagprotekta sa bata
- 104 *Child Safeguarding Policy*
- 106 DepEd *Child Protection Policy*
- 113 Pag-uulat at Pagsangguni
- 114 *Child Protection Referral Pathway*
- 116 *Reporting Channels on Violence Against Children (VAC)*

5 Child Participation in Different Setting

- 119 Mga Benepisyo ng partisipasyon ng Bata
- 120 Mga Paraan ng Makabuluhang Pakikilahok ng mga Bata
- 122 Partisipasyon ng Bata sa iba't-ibang Lugar
- 125 Mga Inisyatibo ng Educo sa Pagpapatibay ng Proteksiyon sa Bata
- 128 *Welcome to Child Friendly Community*

6 Annexes

- 129 Kahulugan ng mga Salita
- 132 Mga Sanggunian

Talaan ng Akronim

4Ps	Pantawid Pamilyang Pilipino Program
BCO	Barangay Children's Organization
BCPC	Barangay Council for the Protection of Children
CAR	Children at risk
CCT	Conditional Cash Transfer
CFLGA	Child-friendly Local Governance Audit
CICL	Children in Conflict with the Law
CL	Child Labor
CP	Child Protection
CR	Child Rights
CSAEM	Child Sexual Abuse and Exploitation Material
CSO	Civil Society Organization
CWC	Council for the Welfare of Children
CWD	Child with Disability
DepEd	Department of Education
DILG	Department of the Interior and Local Government
DOLE	Department of Labor and Employment
DRRM	Disaster Risk Reduction and Management
DSWD	Department of Social Welfare and Development
GAD	Gender and Development
GC	General Comment
GIDAs	Geographically Isolated and Disadvantaged Areas
GPTA	General Parent and Teacher Association
ICT	Information and Communications Technology
IEC	Information, Education, and Communication
IRA	Internal Revenue Allotment (now National Tax Allotment or NTA)
LCPC	Local Council for the Protection of Children
LGBTQIA+	Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, Queer, Intersex, and Asexual
LGC	Local Government Code
LGU	Local Government Unit
LRDP	Local and Regional Development Plan
LSWDO	Local Social Welfare and Development Office
MC	Memorandum Circular
MSWDO	Municipal Social Welfare and Development Office/Officer
NGA	National Government Agency
NGO	Non-Government Organization

Talaan ng Akronim

OSAEC	Online Sexual Abuse and Exploitation of Children
PD	Presidential Decree
PDP	Philippine Development Plan
PPA	Programs, Projects, and Activities
PWD	Person with Disability
PSA	Philippine Statistics Authority
QR	Quick Response (code)
RA	Republic Act
SCPC	School Child Protection Committee
SDG	Sustainable Development Goals
SELG	Supreme Elementary Learner Government
SFP	Supplemental Feeding Program
SHIELD	Strategic Help Desk for Information, Education, Livelihood, and other Development Interventions
SK	Sangguniang Kabataan
SOGIE	Sexual Orientation, Gender Identity, and Gender Expression
SPA	Sponsored Program Areas
SSLG	Supreme Secondary Learner Government
UN	United Nations
UNCRC	United Nations Convention on the Rights of the Child
UNDHR	United Nations Declaration of Human Rights
UNESCO	United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization
UNICEF	United Nations Children's Fund
VAWC	Violence Against Women and Children
WCPD	Women and Children Protection Desk

Para sa Magulang

Ang Protektado Kami! Child Protection Toolkit: Gabay ng Magulang ay nakadiseno upang magabayan mo ang mga bata sa pagbasa at pagsagot sa mga gawaing nakapaloob dito.

Nilalaman ng parent's toolkit na ito ang mga impormasyon tungkol sa child protection, mga pamamaraan upang matamasa at maprotektahan ang karapatan ng mga bata, at mga batas at polisiya na sumusuporta rito. Ito ay produkto ng serye ng mga konsultasyon sa mga batang Pilipino at mga duty bearers.

Bilang magulang at tagapangalaga o duty-bearer, malaki ang maitutulong mo upang palawakin ang kamalayan ng inyong mga anak at maisulong ang child rights.

Kilalanin ang inyong mga bagong kaibigan



Proximo “Pro” Dela Cruz Jr.

Ako si Proximo, 12 taong gulang. Tinatawag nila akong Pro. Ako ang Public Information Officer (PIO) ng Supreme Secondary Learner Government (SSLG) sa aming paaralan at kinatawan ng mga mag-aaral sa School Child Protection Committee (SCPC). Nagsisilbing boses ako ng mga bata at mag-aaral lalo na sa usaping child protection.

Tekiara “Tek” Amir

As-salamu alaykum!

Ako naman si Tekiara. Maaari ninyo akong tawaging Tek. Ako ay 13 taong gulang na batang Muslim. Sekretarya ako ng *Barangay Children’s Organization* (BCO) sa aming barangay. Adbokasiya kong tiyaking walang diskriminasyon sa mga bata sa aming pamayanan.



Siony “Shawn” Santos

At ako naman si Shawn, 15 taong gulang, ang pinakamatanda sa aming barkada. Kinatawan at boses ako ng *Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, Queer, Intersex, and Asexual* (LGBTQIA+) community.

Kami ang inyong
Protektropa!
Samahan ninyo kaming
alamin ang iba't ibang
lebel ng *child protection*.



Gabay sa Magulang

Maging handa sa paggabay sa bata, maging pamilyar at kilalanin ang mga karakter na ito upang matulungan ang bata sa pagtuklas ng mga konseptong nakapaloob sa toolkit na ito



HINDI SILA “BATA LANG”

May magagawa sila upang maprotektahan at maiwasang maging biktima ng pang-aabuso.

Dapat na alam nila ang kanilang mga karapatan at responsibilidad bilang isang bata.

Alam rin dapat nila kung sino-sino ang kasama nila na nagtataguyod ng kanilang mga karapatan.

Magandang araw!
Ako si Pro, narito ako para
samahan ka na sagutin ang
Gawain 1:
My Circle of Trust.
Handa ka na ba?



GAWAIN 1: My Circle of Trust

Sino-sino ang limang tao (edad 18 pataas) na pinagkakatiwalaan mo na maaaring gumabay sa iyo sa pagsagot ng mga gawain sa *toolkit* na ito? Isulat ang kanilang mga pangalan sa patlang.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Parent's Toolkit



Gabay sa Magulang o Tagapangalaga:

Gabayan ang inyong anak o estudyante sa pagbabasa ng bawat bahagi ng *toolkit* na ito gamit ang *Parent's Toolkit* na may katulad na pamagat.

Gabay para sa magulang

Simulan natin ang iyong gawain bilang gabay sa iyong anak sa pagsagot ng unang gawain.

Ang unang gawain ay tungkol sa pagtukoy ng mga maaaring gumabay sa kanya sa pagsagot ng mga gawain sa *toolkit*.

Paglalakbay sa Isang Maayos at Ligtas na Komunidad

Mayroon tayong *Child Protection Toolkit* upang matiyak na ikaw ay protektado sa lahat ng oras at pagkakataon.


Tara na! Simulan natin ang paglalakbay patungo sa isang maayos at ligtas na komunidad!



Gabay sa Magulang

Gawing interaktibo ang paghihikayat sa bata na simulan ang paglalakbay tungo sa pagtuklas ng mga kaalaman.

Iba't Ibang Lebel ng *Child Protection*



Gabay sa Magulang

Narito ang iba't-ibang lebel na nakapaloob sa toolkit na ito, posibleng hindi ito kakayanin na matapos sa isahang pagbabasa lamang, maglaan ng oras para matapos ang lahat ng ito.

Mahalaga din na tapusin ang naunang lebel bago tahakin ang susunod dahil mayroong pagkakaugnay-ugnay ang mga konseptong ito.

START



Bakit Kailangang Bigyang Proteksiyon ang mga Bata?

Alam mo ba na ang mga bata ang pinakabulnerableng grupo sa lipunan? Ang ibig sabihin nito ay may nagagawa ang mga nakatatanda na hindi kayang gawin ng batang katulad mo.

Ayon sa Council for the Welfare of Children (CWC) at United Nations Children's Fund (UNICEF), may mga batang kagaya mo ang hindi lubusang natatamasa ang karapatan dahil sa iba't ibang uri ng karahasan.

Bilang suporta, pinagtibay ng mga lider ng mga nagkakaisang bansa o United Nations (UN) ang United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC) upang maprotektahan ang mga bata sa panahon man ng digmaan o kapayapaan.

Gabay para sa magulang

Sinasabing may nagagawa ang mga nakatatanda na hindi kayang gawin ng mga bata dahil sila ay tinuturing na pinakabulnerableng grupo sa lipunan.

May mga batang hindi lubusang natatamasa ang kanilang karapatan dahil sa iba't ibang uri ng karahasan.

Bilang magulang o nakatatanda, responsibilidad mo na siguruhing na sa tahanan nagsisimula ang kaligtasan ng mga bata.

Ano ang UNCRC?



Alam n'yo ba na ang *United Nations Convention on the Rights of the Child* (UNCRC) ay isang pandaigdigang kasunduan na naglalaman ng mga karapatan ng mga bata? Ito ay may 54 na artikulo at nahahati sa apat na kategorya ng mga karapatang pambata.



SCAN ME

Para sa buong nilalaman ng 54 artikulo ng UNCRC, i-scan ang QR Code na ito.

Gabay para sa magulang

Sa pahinang ito ay ipinakikilala ang United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC) bilang isang pandaigdigang kasunduan na naglalaman ng mga karapatan ng mga bata.


Sa mga kasunod nitong pahina ay sasagutin kung bakit mayroong UNCRC.

Mga Layunin ng UNCRC

Mabigyan ka ng edukasyong tutulong na maabot mo ang iyong mga pangarap sa buhay

Maprotektahan ka mula sa karahasan, pang-aabuso, o kapabayaang

Malaya kang makapagpahayag at mapakinggan nila ang iyong opinyon



Mabuhay ka nang maayos at mapaunlad ang iyong kakayahan sa lahat ng pagkakataon

Mapalaki ka nang maayos at magkaroon ka ng magandang relasyon sa iyong mga magulang

Gabay para sa magulang

Ipinababatid sa bahaging ito ang limang layunin ng UNCRC para sa mga bata sa buong mundo.

Binibigyang-diin sa limang layunin sa UNCRC ang karapatang makamit ng bawat bata na mabigyan ng sapat na pangangailangan para sa maayos na paglaki.

Gawain 2: Magic 5

Panuto: Isulat ang iyong pagkaunawa sa mga nabanggit na layunin ng UNCRC.




Gabay para sa magulang

Ngayon ay susubukan mo ang pag-unawa ng iyong anak tungkol sa mga layunin ng UNCRC.

Hikayatin mo siyang sumagot ayon sa sariling pagpapahayag batay sa kaniyang natutunan.

Roadmap ng Kasaysayan ng UNCRC



Gabay para sa magulang

Sa Gabay Pambata *Child Protection Toolkit* inilahad ang mga mahahalagang kasaysayan ng pagbuo ng UNCRC.

Sa panahon ng digmaan ay maraming tao ang naging biktima ng karahasan lalong-lalo na ang mga bata. Upang hindi na maranasan ang ganitong epekto ng digmaan ay nagkasundo ang mga lider ng bawat bansa na mabuo ang UNCRC na may layuning maprotektahan ang mga bata sa panahon ng kaguluhan at kapayapaan.

Roadmap ng Kasaysayan ng UNCRC

Sa panahon ng Unang at Ikalawang Digmaang Pandaigdig, maraming bata ang naabuso, nawalan ng mga magulang, tirahan, pagkain, at nawalay sa mga mahal sa buhay. Ito ang nagbunsod sa pagkakatatag ng *United Nations* (UN) noong 1945.

Naging daan ang UN para sa pantay na pagkilala at pagpapahalaga sa buhay ng tao sa pamamagitan ng pagbuo ng karapatang pantao na nakapaloob sa *Universal Declaration of Human Rights* (UDHR).

Sa loob ng mga sumunod na dekada, nagsimulang tumanggap ang UN ng mga ideya hinggil sa karapatan ng mga bata. Noong 1959, ang Pangkalahatang Asemblea ng mga Bansa ng *United Nations* ay nagpatibay ng Deklarasyon ng mga Karapatan ng Bata.

Ninaiis na pagtibayin pa ang proteksiyon para sa mga bata kaya naman, noong 1979, itinakda ng *United Nations ang International Year of the Child*.

Sa Pangkalahatang Asemblea noong Nobyembre 20, 1989, nabuo ang United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC). Dito isinulat, ipinahayag at tinanggap ang isang komprehensibong dokumentong nagbigay ng isang malinaw at legal na pagkilala sa karapatan ng bawat bata. Ito ay walang pagtutol na inaprubahan at naging epektibo noong Setyembre 2, 1990.

Noong Enero 26, 1990, naging ika-109 na bansa ang Pilipinas na lumagda sa Konbensiyon. Ito ay na-ratify/pinagtibay ng Senado noong Agosto 21, 1990.

Gabay para sa magulang

Ipaliwanag ang mga pangyayari o kasaysayan ng UNCRC, maaaring itanong sa bata ang mga sumusunod:

- Ano ang iyong mararamdaman kung ikaw ay parte ng digmaang nabanggit sa itaas?
- Ano kaya ang maaring mangyari kung hindi nabuo ang UNCRC?



Kumusta, Shawn?
Aalamin natin ang apat na
kategorya at prinsipyo ng
karapatang pambata.

Sige, Pro.
Gusto kong malaman ang
mga ito. Malaking tulong
ito para sa ating
proteksiyon.

Gabay sa Magulang

Hikayatin ang bata na isa-isahin at unawin ang kahulugan ng bawat kategorya at prinsipyo ng karapatang pambata. Ito ay makatutulong sa kanilang proteksiyon.

Kategorya ng Karapatang Pambata



Narito ang apat (4) na kategorya ng karapatang pambata:

- Survival Rights
- Development Rights
- Protection Rights
- Participation Rights

Gabay para sa magulang

Ang bahagi ng *toolkit* na ito ay magsisilbing pambungad tungkol sa apat na kategorya ng karapatan ng bawat bata na tatalakayin sa mga susunod na pahina.

Karapatang Mabuhay (Right to Survival)

Tumutukoy ito sa mga karapatan ng mga bata na mabuhay at matamasa ang mga pangunahing pangangailangan.



Article 6

Life, Survival, and Development



Article 24

Health and
Health Services

Gabay para sa magulang

Tutulungan mo ang iyong anak na ipaliwanag ang unang kategorya ng Karapatang pambata na nakapaloob ang Karapatang Mabuhay o *Survival Rights*.

Nakasaad dito ang tatlong *articles* na tumutukoy sa mga karapatan ng mga bata na mabuhay at matamasa ang mga pangunahing pangangailangan.

Kabilang dito ang obligasyon mo bilang magulang o taga-pangalaga na iparehistro sa *Civil Registrar* ang iyong anak. Bibigyan-diin dito ang karapatan ng mga bata upang magkaroon ng *akses* sa pinakamahusay na pangangalagang pangkalusugan, malinis na tubig na maiinom, masustansiyang pagkain, at ligtas na kapaligiran at tirahan.

Karapatang Umunlad (Right to Development)

Tungkol ito sa mga karapatan ng mga bata upang mapaunlad ang kanilang kakayahan.



Article 9

To be with Parents or
with Those Who Will Care for you Best



Article 15

Freedom of Association



Article 29

Goals of Education

Gabay para sa magulang

Patuloy mong gabayan ang iyong anak na ipaliwanag ang ikalawang kategorya ng karapatang pambata na nakapaloob ang Karapatang Umunlad o *Development Rights*.

Tatalakayin dito ang karapatan ng bawat bata na magkaroon ng mapagkalingang magulang o tagapangalaga. Kabilang din dito ang karapatang makisalamuha sa kapwa bata. Ipinapaalala rin dito ang iyong obligasyon na mabigyan ng sapat na pag-aaruga, edukasyon, at kasanayan ang iyong anak.

Karapatang Maprotektahan (Right to Protection)


Tumutukoy ito sa mga karapatan ng bata na maprotektahan laban sa anumang uri ng pang-aabuso.



Article 16
Right to Privacy



Article 19
Protection from Violence,
Abuse, and Neglect



Article 36
Protection from other Forms
of Exploitation

Gabay para sa magulang

Mahalaga ang iyong papel sa bahaging ito na maipaunawa sa iyong anak ang kanilang karapatan na maprotektahan ang sarili laban sa anumang uri ng kapahamakan, kalupitan, pananamantala at kondisyong nakapipinsala sa kaniyang pag-unlad.


Tatalakayin dito ang *right to privacy* na tumutukoy sa karapatang ibinigay sa isang bata na mapangalagaan at maprotektahan ang kaniyang pribado o *confidential* na mga impormasyon.

Karapatang Makilahok (Right to Participate)
Tungkol ito sa mga karapatan ng bata na
makilahok sa mga gawain sa komunidad.



Article 12

Respect for the Views
of the Child



Article 13

Freedom of Expression



Article 42

Knowledge of Rights

Gabay para sa magulang

Kasama rin sa responsibilidad mo bilang magulang o tagapangalaga na ipaliwanag ang mga karapatan ng mga bata sa partisipasyon o ang pagdalo sa mga gawain sa komunidad.

Kailangan mong pagtuonang mahikayat ang bawat bata na makapagpahayag at maigalang ang kanilang sariling pananaw at opinyon. Kasama rin sa kanilang karapatan ang makakuha ng impormasyong kinakailangan.

Mga Prinsipyo ng Karapatang Pambata



Narito naman ang apat (4) na prinsipyo ng karapatang pambata:

- Non-discrimination
- Best Interest of the Child
- Right to Life, Survival and Development
- Participation and Being Listened To

Gabay para sa magulang

Ang bahagi ng toolkit na ito ay naglalaman ng mga prinsipyo ng karapatang pambata na tumutukoy sa mga batayang panuntunan na nagtatakda at nagtatanggol sa mga karapatan ng mga bata upang matiyak ang kanilang kaligtasan, dignidad, at maayos na pag-unlad.

Ang apat na prinsipyo ng Karapatang Pambata na tatalakayin sa mga susunod na pahina.

Non-discrimination

Ang prinsipyong ito ay naglalayong magbigay ng katiyakan na matamasa ng lahat ng mga bata ang kanilang karapatan nang walang anumang diskriminasyon.

Best Interest of the Child

Sa lahat ng pagkakataon, pangunahing isinasaalang-alang sa prinsipyong ito ang kapakanan ng bawat bata.



Gabay para sa magulang

Ang *Non-discrimination* at *Best Interest of the Child* ay kabilang sa prinsipyo ng Karapatang Pambata.

Ipabasa sa iyong anak ang kahulugan ng mga prinsipyong ito. Hingan ng sariling opinyon ang iyong anak tungkol sa pagsasaalang-alang sa kapakanan niya bilang bata nang walang anumang diskriminasyon.

Right to Life, Survival and Development

Ang prinsipyo ng kaligtasan ng buhay at pag-unlad ay nagbibigay sa mga bata ng karapatang mabuhay at magkaroon ng patas na akses o pagkakataong makinabang sa mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, malinis na tubig, at pangangalaga sa kalusugan.

Mahalaga rin ang tungkulin ng mga duty-bearers na suportahan ang mga bata upang makapag-aral, malinang ang kanilang mga kakayahan at matulungan silang maabot ang kanilang buong potensiyal.

Participation and Being Listened To

Ang prinsipyo ng pakikilahok ay nagpapatibay ng kalayaan sa pagpapahayag ng sariling opinyon at pakikinig sa ibang pananaw.

Gabay para sa magulang

Bukod sa Non-discrimination at Best Interest of the Child, kabilang din ang Rights to Life, Survival and Development at Participation and Being Listened To sa apat na prinsipyo ng karapatang pambata.

Ipabasa sa iyong anak ang kahulugan ng mga prinsipyong ito. Tanungin mo siya ng ideya tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng kalayaang makapagpahayag ng sariling opinyon.



Gabay sa Magulang

Ipaunawa sa bata kung gaano kahalaga ang kanilang mga responsibilidad na naka-akibat sa kanilang karapatan.

Batang Pilipino, May Papel Ka sa Lipunan!

Tungkulin ng pamahalaan at ng mga nakatatanda na kilalanin ang iyong papel sa bansa. Dapat kang maprotektahan mula sa anumang uri ng kapahamakan, pang-aabuso, at kondisyon na nakapipinsala sa iyong pag-unlad. Responsibilidad ng pamahalaan na isulong at itaguyod ang iyong karapatan.

May tungkulin ka rin bilang batang Pilipino na ipamalas ang iyong kakayahan at tulungang abutin ang iyong kabuuang potensiyal. Habang ang iyong mga karapatan ay pinoprotektahan, inaasahan ng lahat na ikaw ay maging responsableng mamamayan.

Gabay para sa magulang

Bilang magulang o tagapag-alaga tulungan mo ang iyong anak na maunawan ang kanilang gampanin bilang batang Pilipino.

Inaasahang gagabayan mo ang iyong anak na maging responsableng mamamayan at mahikayat na maipamalas ang kaniyang kakayahan at mapaunlad ang buong potensiyal.

Mga Responsibilidad Mo Bilang Bata

- Kumain ng masusustansiyang pagkain upang mapanatiling malakas ang pangangatawan.
- Mag-aral nang mabuti para mapaunlad ang sarili.
- Sikaping mamuhay bilang isang mabuting tao.
- Mahalin at igalang ang mga magulang at nakatatanda.
- Maging responsable sa pananalita at igalang ang pananaw ng iba
- Maibahagi at magamit sa tama ang mga impormasyon.
- Maging responsable sa paggamit ng *gadget* at *social media platforms*.
- Aktibong makilahok sa mga gawain sa pamayanan.
- Sumunod sa mga ipinatutupad na batas.

Gabay para sa magulang

Ipabasa mo sa iyong anak ang kaniyang mga responsibilidad bilang bata at hayaan siyang magbahagi ng sariling pananaw ukol dito.

Tanungin ang iyong anak kung papaano niya maisasabuhay ang pagiging isang responsableng bata.

Gawain 3: Karapatan, Pagtapatin

Panuto: Pagtapat-tapatan ang mga sitwasyon sa Hanay A sa mga karapatan ng mga bata na nasa Hanay B. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot. Kapag nakakuha ka ng tatlong tamang sagot, maaari ka nang magpatuloy sa lebel 2.

HANAY A

- 1. Malaya kang nakagagalaw, nagkakaroon ng iba't ibang karanasan at pagkakakilanlan bilang bata.
- 2. Sa tuwing ikaw ay nangangailangan ng tulong, naaasahan mo ang iyong magulang, tagapangalaga, o nakatatanda.
- 3. Nakakapag-aral ka na siyang isang mahalagang susi na nagbubukas ng mga oportunidad para sa iyong sariling pag-unlad at pagpapabuti.
- 4. Malaya kang nakapag-iisip at nakagagawa ng desisyon ayon sa iyong konsensiya gaya ng pagpili ng sarili mong paniniwala o relihiyon.
- 5. Ligtas ka sa anumang uri ng diskriminasyon kahit saan dahil sa pagkalinga ng iyong magulang, tagapangalaga, o iba pang nakatatanda sa inyong bahay.

HANAY B

- A. Karapatang mapalaki at magkaroon ng maayos na relasyon sa mga magulang o tagapangalaga
- B. Karapatang maging protektado sa anumang kapahamakan
- C. Karapatang mabigyan ng makalidad na edukasyon
- D. Karapatang magpahayag at mapakinggan
- E. Karapatang mabuhay, maging ligtas at umunlad
- F. Karapatang maisilang

Gabay para sa magulang

Subukan ang pag-unawa ng iyong anak sa inyong pinag-usapan tungkol sa iba't ibang uri ng karapatan. Pasagutan mo sa kaniya ang **Gawain 3**.

Pagkatapos masagutan ang, gamitin mo ang susi sa pagwawasto na nasa pahina 134 ng Protektado Kami! Child Protection Toolkit: Gabay ng Bata.

Pagbati!

Narito na ang ating *badge* bilang patunay na natapos na natin ang *Level 1*.
Maaari na tayong magpatuloy.



Gabay sa Magulang

Batiin mo ang iyong anak sa matagumpay na paglalakbay sa unang lebel. Samahan mo pa rin siya sa kaniyang pagpapatuloy sa susunod na lebel.



Gabay sa Magulang

Batiin mo ang iyong anak sa matagumpay na paglalakbay sa unang lebel. Samahan mo pa rin siya sa kaniyang pagpapatuloy sa susunod na lebel.

Maligayang pagdating sa *Level 2*!

Ngayong nalaman na natin ang kahalagahan ng pagtamasa ng iyong mga karapatan bilang bata, ituloy natin ang paglalakbay.

Sabay-sabay nating alamin ang kasunod na paksa.



Gabay sa Magulang

Manatiling nariyan upang maging gabay ng bata sa patuloy na pagtuklas ng mga kaalaman tungkol sa pang-aabuso.

Ikaw ay Bata, Kasali Ka!

Alam mo ba kung sino-sino ang itinuturing na bata?

May iba't ibang kahulugan ang salitang bata ayon sa mga ipinapatupad na batas patungkol sa pagbibigay-proteksiyon. Mahalaga na alam mo ang mga ito.

Sa lebel na ito, matututunan mo ang mga konsepto ng *child protection* at iba't ibang uri ng pang-aabuso sa karapatan ng bawat bata.



Gabay para sa magulang

Sa lebel na ito, tulungan mo ang iyong anak na maunawaang mabuti ang konsepto ng *child protection* at iba't ibang uri ng pang-aabuso sa karapatan ng bawat bata.

Ipaunawa sa iyong anak ang iba't ibang depinisyon ng salitang bata ayon sa mga umiiral na batas patungkol sa pagbibigay ng proteksiyon. Mahalagang maunawaan mo rin ang mga depinisyong ito bilang isang magulang o tagapag-alaga.

Kahulugan ng salitang “Bata”

Bata ang tawag sa indibidwal na mas mababa ang edad sa 18 taong gulang o kilala rin sa tawa na *rights holder*.

Ayon sa **RA 7610**, maaari ding tawaging “bata” ang indibidwal na lagpas na sa 18 taong gulang, ngunit hindi kayang magdesisyon o protektahan ang sarili dahil sa kaniyang kapansanan.



Gabay para sa magulang

Ipabasa sa iyong anak ang iba’t ibang kahulugan ng salitang bata. Pagkatapos niya itong basahin, tanungin mo siya kung ano ang kaniyang pag-unawa sa depinisyon ng salitang bata.



Gabay sa Magulang

Ang mga susunod na konsepto ay tungkol sa child abuse, mahalagang itanong sa bata kung siya ay kumportableng pag-usapan ito. Kung hindi, maari itong balikan sa oras na ang bata ay handa na itong tuklasin. Dapat igalang ang nararamdaman ng bata, upang matiyak na ligtas at maayos ang proseso ng pagpapahayag.

Ano ang Child Abuse?

Ang **Child Abuse** ay tumutukoy sa **hindi makataong pagtrato sa bata maging ito man ay isang beses o paulit-ulit**, kabilang ang mga sumusunod:

- pisikal, sikolohikal, emosyonal, at seksuwal na pang-aabuso;
- kapabayaan;
- anumang kilos sa pamamagitan ng salita o gawa na nagpapababa o sumisira sa dignidad ng isang bata bilang tao;
- pagkakait ng mga pangunahing pangangailangan para mabuhay, gaya ng pagkain at tirahan; at
- hindi agarang pagbibigay ng medikal na lunas na nagdudulot ng seryosong pinsala sa paglaki at pag-unlad o permanenteng pagkabaldado o kaya'y pagkamatay.

Sanggunian: Sec. 3, RA 7610 otherwise known as "Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and Discrimination Act"

Gabay para sa magulang

Mahalagang magkaroon ng bukas na komunikasyon sa iyong anak upang mapag-usapan ang mga pang-aabusong maaaring mangyari sa kaniya.

Sabihin sa iyong anak na ang pang-aabuso sa mga bata ay maaaring mangyari kahit saan at kahit kaninuman: mayaman o mahirap, may kapansanan o wala, may magulang o wala, babae man o lalake.

Ipaalala rin sa kaniya na babae man o lalaki, matanda man o kapwa nya bata ay maaring makagawa ng pang-aabuso.

Alam mo ba?

Ayon sa **2015 National Baseline Survey**, **80%** ng mga batang Pilipino ay nakaranas ng iba't ibang anyo ng karahasan sa bahay, sa paaralan, sa kanilang komunidad, at sa online. Idagdag pa rito na **7 sa bawat 10 na bata** ang kulang ang kamalayan sa mga serbisyong maaaring makatulong sa kanila.

Sanggunian: National Baseline Study on Violence Against Children in the Philippines. UNICEF Philippines, 2016

Gabay para sa magulang

Bigyang-diin sa pagpapaliwanag sa iyong anak na dahil sa pagkakaroon ng malayang *akses sa internet* ay parami nang parami ang bilang ng mga batang naaabuso.

Sabihin sa kaniya na may mga ahensiyang tumutulong o nagbibigay ng serbisyo upang maiwasan ang pang-aabuso sa mga bata.

Iba't ibang Uri ng Pang-aabuso

- A. Pisikal
- B. Seksuwal
- C. Sikolohikal at emosyonal
- D. Kapabayaang
- E. *Bullying*
- F. *Online Sexual Abuse and Exploitation of Children (OSAEC)*
- G. *Child Labor*
- H. *Children in Situations of Armed Conflict*

*Sanggunian: National Baseline Study on Violence Against Children in the Philippines.
UNICEF Philippines, 2016*



Gabay para sa magulang

Bilang magulang, mahalaga na sabayan sila sa pagbabasa ng mga uri ng pang-aabuso upang makatulong na maiwasan na maranasan nila ang mga ito. Sa pagtatalakay ng pisikal, emosyonal, at seksuwal na pang-aabuso, matutulungan siyang humingi ng tulong kung kinakailangan. Mahalaga ang bukas na pag-usap upang maintindihan ng bata ang pagkakaiba ng tama at maling relasyon.

Mahalaga ang papel ng magulang sa pagbuo ng tiwala at seguridad ng anak. Ang sabayang pagbabasa ng mga uri ng pang-aabuso ay makakatulong upang mapag-usapan ito ng hindi nakakatakot, at maiwasan ang takot na magbukas. Sa tamang kaalaman at suporta, magkakaroon ng lakas ng loob ang bata na magsalita kapag may nangyayaring hindi tama.

A. Pisikal na Pang-aabuso

Tumutukoy ito sa pisikal na pagpapahirap o pagmamalupit sa isang bata.

Mga Halimbawa:

- Pagkurot
- Pagpalo
- Pagtadyak
- Pagbugbog
- Pagtali
- Pagsakal
- Pagsunog sa balat

Sanggunian: National Baseline Study on Violence Against Children in the Philippines. UNICEF Philippines, 2016

Gabay para sa magulang

Ayon sa mga pag-aaral, karaniwang nararanasan ng mga bata ang pisikal na pang-aabuso. Madalas, nahihirapan ang mga magulang sa pamamahala ng galit, kaya't nagiging daan ang pisikal na pagpaparusa tulad ng pagsampal o pagbugbog. Ang ganitong mga aksyon ay nagdudulot ng takot, galit, at problema sa relasyon ng magulang at anak.

Upang maiwasan ito, mahalaga ang positibong pamamaraan ng pagdidisiplina. Dapat ipaliwanag ng mga magulang kung paano ipahayag ang galit nang mahinahon at magbigay ng mga alternatibong solusyon. Ang paggamit ng time-out, pagpapaliwanag ng consequences ng masamang kilos, at pagbibigay ng positibong reinforcement ay makakatulong upang matutunan ng bata ang tamang pag-uugali.

Mga Epekto ng Pisikal na Pang-aabuso

Pisikal

- Pagkakaroon ng pasa, pantal, paso o mga sugat sa katawan
- Pagkabali ng buto
- Panghihina
- Pagkahimatay

Pag-uugali

- Pag-aatubili o takot na makipag-ugnayan sa mga nakatatanda o mga magulang
- Kawalan ng tiwala sa sarili at sa iba
- Magagalitin
- Pagiging agresibo
- Mapanghamak o hostile

Gabay para sa magulang

Sa bahaging ito, hingiin ang saloobin ng iyong anak kapag nakarinig siya o may nalaman siyang tungkol sa pisikal na pang-aabuso sa ibang bata. Mahalaga na malaman kung ano ang nararamdaman niya tungkol dito at kung paano niya ito naiisip, upang magkaroon kayo ng mas malalim na pag-unawa sa kanyang pananaw at emosyon.

Hingiin din ang kaniyang opinyon kung ano ang nararapat gawin kung sakaling mangyari ito sa kaniya. Sa pakikipag-ugnayan, maging malumanay at mahinahon upang hindi siya matakot magsalita, at maipaliwanag niya ng maayos ang kanyang mga iniisip at nararamdaman.

B. Seksuwal na Pang-aabuso

Tumutukoy ito sa anumang anyo ng seksuwal na aktibidad o pakikipag-ugnayan sa bata.

Mga Halimbawa:

- *Sexual Abuse and Exploitation*
- *Sexual Harassment*
- *Sexual Assault*
- *Sextortion*
- *Rape*
- *Online Sexual Abuse and Exploitation of Children (OSAEC)*
- *Child Sexual Abuse or Exploitation Materials (CSAEM)*
- *Child Trafficking*

Gabay para sa magulang

Ang seksuwal na pang-aabuso ay isang sensitibong paksa, ngunit maaari itong pag-usapan kung may bukas na komunikasyon at pagtitiwala sa pamilya. Mahalaga na magkaroon ng isang ligtas na espasyo kung saan ang bawat isa ay komportable at malaya sa pagpapahayag ng kanilang nararamdaman at mga karanasan.

Ang pagkakaroon ng ganitong espasyo ay makakatulong upang matutunan ng bawat isa ang tamang impormasyon at paano protektahan ang sarili.

Basahin ang karagdagang impormasyon sa katumbas na pahina upang mas mapalalim ang inyong kaalaman tungkol sa isyung ito.

Mga Epekto ng Seksuwal na Pang-aabuso

Pisikal

- Hirap sa paglalakad
- Nakakaramdam ng sakit sa pribadong bahagi ng katawan
- Maraming pasa sa katawan

Pag-uugali

- Pag-aatubili o takot na makipag- ugnayan
- Matamlay/malungkot
- Nag-iilusyon
- Tulala/balisa
- Magagalitin
- Nagpapakita ng hindi pangkaraniwang interes sa pakikipagtalik

Gabay para sa magulang

Mahalagang malaman at maunawaan mo ang mga pisikal na palatandaan at pagbabago sa ugali ng isang batang nakararanas ng seksuwal na karahasan. Ang mga senyales na ito ay maaaring magpahiwatig na ang bata ay nahaharap sa isang maselang sitwasyon na kailangan ng agarang tulong at proteksiyon.

Dapat na magkaroon ng bukas na komunikasyon sa iyong anak upang matulungan siyang makilala ang mga senyales ng seksuwal na karahasan. Puwede mong ipaliwanag sa kanya na ang kanyang katawan ay pribado at may mga tao na hindi dapat lumapit o manghimasok sa kanya. Huwag kalimutang ituro ang mga "red flags" o mga senyales ng panganib, at ang mga hakbang na dapat gawin kung may nararamdaman siyang hindi tama.

C. Sikolohikal at Emosyonal na Pang-aabuso

Ito ang hindi maayos na pakikitungo sa bata sa aspektong sikolohikal at emosyonal na nagdudulot ng pagbabago sa ugali at damdamin.

Mga Halimbawa:

- Pang-aalipusta
- Paninigaw
- Pagmumura
- Pananakot

Gabay para sa magulang

Ang sikolohikal o emosyonal na pang-aabuso ay may malalim na epekto sa pag-unlad ng bata, na nagdudulot ng takot, pagkabalisa, at mababang pagtingin sa sarili. Ang mga epekto nito ay maaaring magtagal at makaapekto sa relasyon ng bata sa ibang tao.

Bilang magulang o tagapangalaga, ipaliwanag sa iyong anak ang kahalagahan ng pagiging mahinahon at maingat sa pagpili ng mga salita. Sa ganitong paraan, matututo siyang magpahayag ng nararamdaman nang hindi nakakasakit ng iba at maiiwasan ang mga hindi pagkakaintindihan.

Mga Epekto ng Sikolohikal at Emosyonal na Pang-aabuso

Pisikal

- Hindi makapagsalita nang maayos
- Mabagal na paglaki
- Hindi pangkaraniwang pagkilos
- Pagsipsip ng daliri o *thumbsucking*

Pag-uugali

- May sumpung o *tantrums*
- Palaaway
- Madalas na malungkot
- Magagalitin
- Marahas
- Nagpapakita ng hindi akmang emosyon sa sitwasyon

Gabay para sa magulang

Matapos mong ipaliwanag ang konsepto ukol sa sikolohikal at emosyonal na pang-aabuso sa naunang pahina, tulungan mo namang maunawaan ng iyong anak ang mga palatandaan ng isang batang nakakaranas ng pang-aabuso. Maaaring magbigay ng mga halimbawa at senaryo katulad ng sumusunod:

Ang mga batang nakakaranas ng emosyonal na pang-aabuso ay maaaring magpakita ng pagbabago sa kanilang ugali, tulad ng pagiging tahimik o magagalitin. Halimbawa, kung ang isang batang dating masaya ay biglang nawalan ng interes sa mga gawain o laging takot, maaaring ito ay senyales ng pang-aabuso.

D. Kapabayaang

Ito ay ang kakulangan o kawalan ng tamang atensiyon, pangangalaga at suporta ng magulang o sinumang taong pinagkakatiwalaang mag-alaga sa bata.

Mga Halimbawa:

- Hindi pagtugon sa pangangailangan ng bata tulad ng hindi pagbibigay ng sapat na pagkain, tirahan, medikal na pangangalaga at emosyonal na suporta
- Pag-iwan sa bata

Gabay para sa magulang

Ipaliwanag sa iyong anak na ang mga magulang ay may responsibilidad na tugunan ang mga pangailangan ng kanilang mga anak. Ang kapabayaang o *neglect* ay maituturing na isang paglabag sa karapatan ng bata. Magbigay ng halimbawa katulad ng sumusunod:

Kung ang isang bata ay hindi pinapakain ng tama o hindi binibigyan ng sapat na nutrisyon, ito ay isang halimbawa ng kapabayaang. Halimbawa, kung ang isang bata ay araw-araw na gutom o hindi nakakakita ng mga pagkaing kailangan para lumakas at maging malusog, ito ay isang uri ng kapabayaang.

Mga Epekto ng Kapabayaang

Pisikal

- Madalas magkasakit
- Madaling mapagod at manghina
- Malnutrisyon
- Mabagal na paglaki

Pag-uugali

- Nakahihiligang manghingi ng pagkain at pera
- Nagnanakaw
- Magagalitin
- Madaling mairita
- Palaaway

Gabay para sa magulang

Matapos mong ipaliwanag ang konsepto ng pagpapabaya o neglect, mahalaga ring pag-usapan ang mga palatandaan ng isang batang nakararanas nito. Ipakita sa iyong anak kung paano makikilala ang mga pisikal na palatandaan tulad ng hindi pagkakaroon ng sapat na pagkain, malinis na damit, o regular na pangangalaga sa kalusugan ng bata.

Bukod sa pisikal na palatandaan, mahalaga ring isama ang mga pagbabago sa ugali. Sa pamamagitan ng pag-usapan ang mga senyales na ito, matutulungan mo ang iyong anak na maging mas mapanuri at sensitibo sa mga posibleng sitwasyon ng pagpapabaya sa ibang bata.



Gabay sa Magulang

Mahalagang maging handa sa mga magiging tanong ng bata tungkol sa pang-aabuso. Huwag kalimutan na kumustahin ang bata, at muling tanungin kung komportable siyang pag-usapan ang mga ito. Bigyan na din siya ng ideya na mayroon pang natitirang tatalakayin na mga pang-aabuso.

E. Bullying

Ang *bullying* ay pagdulot ng pisikal at pasalitang pananakit nang paulit-ulit. Natutukoy ang pambu-bully sa pamamagitan ng intensiyon, dalas, at kapangyarihan at ito ay isang maling pattern ng pag-uugali. Ang bullying ay maaring mangyari ng harapan o kaya naman ay online.

Mga Halimbawa:

Sanggunian: www.unicef.org

- Pananakot
- Palihim na pagsubaybay o *stalking*
- Pagkuha ng gamit ng iba
- Pamamahiya
- Pagsira ng gamit

Gabay para sa magulang

Mahalaga na tanungin ang bata kung ano ang kanyang pag-unawa sa bullying at kung ano ang mga hakbang na maaari niyang gawin kung sakaling makaranas o makakita siya ng ganitong sitwasyon. Hikayatin siyang magbahagi kung ano ang nararamdaman niya at kung paano niya nakikita ang bullying, nang sa ganun ay matutunan niyang tumugon nang tama.

Kung wala pa siyang karanasan sa bullying, magandang itanong kung ano ang mga hakbang na sa tingin niya ay makakatulong kung sakaling makita o maranasan niya ito. Ang ganitong pag-uusap ay makakatulong sa bata na maunawaan ang mga dapat gawin upang tumulong sa sarili at sa iba, at kung paano maghanap ng suporta kung kinakailangan.



Gabay sa Magulang

Pagkatapos matutunan ng bata ang kahulugan at mga halimbawa ng *bullying*, tulungan naman natin sila na malaman ang mga epekto nito.

Mga Epekto ng *Bullying*

- Mababang pagpapahalaga sa sarili
- Pag-iwas sa mga kaibigan at sa mga okasyong panlipunan
- Pagtakas sa bahay at pananakit sa sarili
- Pagliban o kawalan ng interes sa pag-aaral
- Problema sa pagtulog tulad ng *insomnia* at bangungot
- Pag-iisip tungkol sa pagpapakamatay o *suicidal tendency*
- Pagkabalisa at depresyon
- Malumbay
- Kawalan ng ganang kumain
- Nanunukso at nambabanta
- Namamalo, nanununtok, nambubugbog
- Panliligalig, pagbibigay ng mapanakit na komento/mensahe
- Pambabanta, pagpapanggap, at pang-aabusong *online*

Sanggunian: National Institute of Child Health and Human Development, National Institutes of Health, 2017
STOMP Out Bullying End the Hate Change the Culture, 2005

Gabay para sa magulang

Matapos maipaliwanag ang konsepto ng bullying, mahalaga ring talakayin ang mga palatandaan ng batang nakararanas nito. Hindi lang ito makikita sa pisikal na aspeto, kundi pati na rin sa emosyonal at sikolohikal na kalagayan ng bata. Dapat maging alerto ang mga magulang at guro sa anumang pagbabago sa reaksiyon at pakiramdam ng bata.

Ang mga palatandaan ng bullying ay maaaring magpakita sa iba't ibang aspeto ng ugali at kalusugan ng bata. Mahalaga na mapansin ng mga nakapaligid ang mga pagbabago sa disposisyon ng bata upang agad siyang matulungan. Ang tamang pag-unawa sa mga senyales ay nagbibigay daan sa tamang suporta at interbensyon.

**F. Online Sexual Abuse and
Exploitation of Children (OSAEC)**



Ito ay isang uri ng seksuwal na karahasan o pang-aabuso gaya ng pagmamaniipula at pagsasamantala sa mga bata na nagaganap sa *online platforms*.

Gabay para sa magulang

Mahalaga na sabay ninyong alamin ang tungkol sa Online Sexual Abuse and Exploitation of Children (OSAEC) upang maprotektahan ang inyong anak mula sa mga panganib ng internet. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa isyung ito, magkakaroon kayo ng kaalaman kung paano ito nangyayari at kung ano ang mga hakbang na dapat gawin upang maiwasan ang mga ganitong sitwasyon.

Ang OSAEC ay isang seryosong isyu na nangangailangan ng masusing pagtalakay at gabay mula sa magulang.

Mga Anyo ng OSAEC

Child Sexual Abuse and Exploitation Material (CSAEM)

mga materyales na naglalaman ng seksuwal na pang-aabuso sa mga bata

Online Grooming

gumagamit ng *online platforms* na may layuning linlangin at pilitin ang mga kabataan na gumawa ng isang bagay na sensuwal, tulad ng pagpapadala ng mga larawan o video ng kanilang sarili

Sextortion

paggamit ng mga sensitibong larawan o impormasyon upang *i-blackmail* o puwersahin ang bata na gumawa ng mga bagay na labag sa kaniyang kagustuhan

Streaming

live na pagbo-broadcast sa online platforms ng mga seksuwal na aktibidad, pang-aabuso o pagsasamantala sa mga bata na pinapanood ng ibang tao .

Cyberbullying

pagpapakalat ng tsismis, sensitibong larawan at mga masasakit na salita na ginagawa sa *online platforms* tulad ng *text messaging, email, instant messaging, chatting* at mga *social networking websites*

Gabay para sa magulang

Ipabasa nang may pag-unawa sa iyong anak ang iba't ibang anyo ng *Online Sexual Abuse and Exploitation of Children (OSAEC)*.

Tanungin kung paano niya maiiwasan ang mga pag-aabusong *online* na kaniyang nabasa.



Hindi lang pala dapat sa pisikal na mga espasyo tayo protektado, kundi maging sa mga *digital space* o *online world*. Subukin nating tukuyin ang mga paraan upang tayo ay maprotektahan sa *online world*.

Gabay sa Magulang

Bilang magulang, maari kang magpatupad ng inyong sariling alituntunin sa inyong bahay patungkol sa paggamit ng mga gadyet upang masubaybayan at magabayan sila sa tamang paggamit nito at pati na rin ang pag-iwas sa mga pang-aabuso na nangyayari sa *digital space*.

Gawain 4: Sa Online World, Dapat Safe Ka!

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang kahon kung ang pangungusap ay tama at makatutulong sa proteksiyon sa bata sa online world at ekis (✗) naman kung mali.

- ☐ Hindi tinatanggap ang *friend request* o kinakausap ang mga taong hindi kilala sa *internet*.
- ☐ Nagpapakita ng respeto sa mga kausap sa internet sa pamamagitan ng paggamit ng magalang na pananalita.
- ☐ Maingat sa pagbigay ng personal na impormasyon sa mga nakakausap sa *online world* at maging sa pag-post sa social media.
- ☐ Mag-post o mag-share ng lahat ng aktibidad o litrato sa social media.
- ☐ Maging bukas sa pakikipag-usap sa mga nakatatanda kung ano ang ginagawa *online*.
- ☐ Ibahagi sa lahat ang *password* ng iyong *social media accounts*.
- ☐ Maalam sa *privacy* at *security setting* ng gadyet para hindi makapasok o maakses ang mga nakapapahamak na *content*.
- ☐ Gumamit ng mga password na mahirap hulaan.
- ☐ Ugaliing mag-*sign-out* sa mga gadyet na ginagamit.

Gabay para sa magulang

Gabayan ang bata sa pagsagot ng *Gawain 4* upang masubukan ang kaniyang pag-unawa sa inyong mga pinag-usapan tungkol sa pag-aabuso sa *online world*.

G. Child Labor

Ito ay tumutukoy sa kalagayan kung saan ang mga bata ay nagtatrabaho na labag sa karapatan at makasasama sa kanilang kalusugan, edukasyon, at kabataan.

Kadalasang nangyayari ito sa mga sektor ng agrikultura, industriya, at serbisyo, na ang mga bata ay nagtatrabaho sa mabibigat na kondisyon, hindi ligtas na lugar, at hindi naaayon sa kanilang edad.

Gabay para sa magulang

Ipabasa sa iyong anak ang kahulugan ng Child Labor upang malaman niya ang isyu ng mga batang nagtatrabaho sa hindi tamang edad. Pagkatapos, hingian siya ng opinyon at pag-unawa tungkol dito upang mapalalim ang kanyang kaalaman at pagpapahalaga sa karapatan ng mga bata.

Ipaliwanag din ang kaibahan ng child labor at mga gawaing bahay na ginagawa ng mga bata upang matutong maging responsable. Bigyan diin na ang mga gawaing bahay ay tumutulong sa kanilang kasanayan at hindi nakakasama sa kanilang kalusugan o edukasyon, kumpara sa child labor na may negatibong epekto sa kanilang kapakanan.

Mga Pinakamalalang Uri ng Child Labor

- Pagbebenta sa mga bata
- Paggamit bilang pambayad-utang
- Sapilitang pagtatrabaho
- Pagre-*recruit* upang maging bahagi ng armadong tunggalian
- Paggamit, pagkuha o pag-aalok ng mga bata sa prostitusyon o pornograpiya
- Paggamit ng mga bata sa mga ilegal na gawain tulad ng paggawa at pagbebenta ng mga droga at mga ipinagbabawal na gamot
- Paggamit sa bata sa anumang uri ng trabaho na mapanganib sa kalusugan, kaligtasan, o moralidad.

Sanggunian: Anti-Trafficking in Persons Act of 2003

Gabay para sa magulang

Para mapalalim ang pagkatuto ng iyong anak tungkol sa *child labor*, magbigay ng mga halimbawa ng gawain tulad ng pagtatrabaho sa pabrika o sakahan na hindi angkop sa edad ng bata. Makakatulong ito upang malinawan siya kung ano ang mga gawain na tama at angkop sa kanilang edad at ano ang mga nagsasamantala sa kanila.

Pagkatapos, itanong sa anak kung alin sa mga ginagawa niya sa araw-araw ang sa tingin niya ay maaaring ituring na child labor. Makakatulong ito upang maunawaan niya kung ano ang ligtas at naaayon sa kanyang edad, at matutunan ang mga hakbang upang maiwasan ang child labor.

Minimum Employable Age

Ang *minimum employable age* sa Pilipinas ay 15. Ang isang batang wala pang 15 taong gulang ay hindi maaaring pumasok sa anumang uri ng trabaho – pampribado man o pampubliko – maliban sa mga sumusunod:

- kung ang bata ay nagtatrabaho sa negosyo na pag-aari ng pamilya o sa ilalim ng responsibilidad ng kaniyang magulang o legal na tagapangalaga.
- kung ang bata ay nagtatrabaho sa *public entertainment or information* tulad ng telebisyon, pelikula, at *commercials* o *advertisements*.

Gabay para sa magulang

Upang maunawaan ng bata ang child labor, maaari siyang manood ng palabas na may batang artista upang makita kung paano sila nagtatrabaho. Makikita niya na may mga regulasyon at gabay na sumusunod ang mga batang artista upang maprotektahan sila sa pang-aabuso.

Pagkatapos manood, pag-usapan ninyo ang mga requirements at batas na nagpapahintulot sa mga batang artista na magtrabaho, tulad ng pagkakaroon ng permiso mula sa mga magulang at ahensya ng gobyerno. Makikita ng bata ang pagkakaiba ng tamang trabaho sa child labor na hindi sumusunod sa mga batas.

Pinapayagang Oras ng Pagtrabaho



Ang mga batang wala pang 15 taong gulang ay hindi maaaring magtrabaho ng higit sa apat na oras sa isang araw, higit 20 oras sa isang linggo, at sa pagitan ng 8:00 ng gabi at 6:00 ng umaga ng sumunod na araw.

Ang mga batang 15 hanggang 17 taong gulang ay hindi maaaring magtrabaho ng higit sa walong oras sa isang araw, higit 40 oras sa isang linggo, at sa pagitan ng 10:00 ng gabi at 6:00 ng umaga ng sumunod na araw.

Gabay para sa magulang

Upang matulungan ang bata na maunawaan ang tamang oras ng pagtatrabaho, ipaliwanag na may mga patakaran kung gaano katagal at anong oras pwedeng magtrabaho ang isang bata. Ang mga batas na ito ay ginawa upang protektahan ang kalusugan at kapakanan ng mga bata, kaya't may limitasyong oras na dapat sundin.

Mahalaga ring ipakita na ang mga batas ay nagsisiguro na may sapat na oras ang mga bata para magpahinga, maglaro, at mag-aral. Ang tamang balanse sa pagitan ng trabaho at pahinga ay nakakatulong upang maiwasan ang labis na pagod at stress, at matulungan silang magpatuloy sa kanilang paglaki ng maayos at ligtas.

Dagdag Kaalaman

Noong 2016, nagpalabas ang Department of Labor and Employment (DOLE) ng listahan ng iba't ibang trabaho at gawain na mapanganib para sa mga batang wala pang 18 taong gulang sa ilalim ng **Department Order No. 149**.

Kabilang sa mga industriya na mapanganib para sa kanila ay pagmimina, pagku-*quarry*, konstruksyon, pagputol ng kahoy, pangingisda, pangangaso, at pagtrabaho sa pabrika ng mga nakalalasing na inumin, sigarilyo, paputok, at mga produktong kemikal.

(Batang Malaya Child Labor Knowledge Sharing System)



SCAN ME



Gabay para sa magulang

Pag-usapan ninyo ng inyong anak ang Department Order 149 ng DOLE, na nagtatakda ng mga trabahong mapanganib para sa mga batang wala pang labing walong taong gulang. Ipaliwanag kung bakit ipinagbabawal ang mga trabahong ito, tulad ng mga gawaing maaaring magdulot ng pinsala sa kalusugan at kaligtasan ng bata.

Ang pagtalakay sa *Department Order 149* ay makakatulong upang turuan ang bata ng tamang kaalaman tungkol sa kanilang mga karapatan at proteksiyon. Ipaalam sa kanya na may mga batas na nagsisiguro na ligtas ang mga batang nagtatrabaho at matutunan niyang magpahayag at humingi ng tulong kung kinakailangan.

H. Children in Situations of Armed Conflict

Ang mga bata ay nahaharap sa mga panganib at hamon mula sa digmaan o tunggalian sa pagitan ng gobyerno at mga armadong grupo. Ang kanilang karanasan ay puno ng trauma at takot, na may malubhang epekto sa kanilang pisikal, emosyonal, at mental na kalusugan.



Gabay para sa magulang

Patuloy na gabayan ang iyong anak sa pagbasa ng usapin tungkol sa mga batang nasasangkot sa kaguluhan at tunggalian. Ipaliwanag na may mga batang nakakaranas ng digmaan o karahasan na nawawalan ng proteksiyon at seguridad. Ang mga karanasang ito ay maaaring magdulot ng takot at trauma, kaya't mahalaga na maunawaan ng anak ang kanilang pangangailangan ng tulong at proteksiyon.

Sa pamamagitan ng gabay, matutulungan mong maintindihan ng iyong anak ang karapatan ng mga batang ito at ang kahalagahan ng pagkakaroon ng malasakit. Magbibigay ito ng mas malalim na pag-unawa sa mga isyu ng karapatan ng bata at kung paano ito nakakaapekto sa kanilang kalagayan.

Paglabag sa mga Karapatan ng Bata sa Panahon ng Armadong Tunggalian

- Malupit at hindi makataong pagtrato o parusa sa mga bata
- Pagdukot sa mga bata
- Pinsala sa katawan ng mga bata
- Pag-*hostage* sa mga bata bilang proteksiyon laban sa mga pag-atake ng kaaway
- *Recruitment* o pagsali ng mga bata sa mga puwersang gobyerno at iba pang armadong grupo
- Pag-alis ng akses sa *humanitarian assistance*
- Pagtanggì ng tulong para sa mga bata sa gitna ng digmaan
- Paggamit ng mga bata sa armadong tunggalian

Gabay para sa magulang

Isa-isahin ninyo ng iyong anak ang mga paglabag sa mga karapatan ng bata sa panahon ng armadong tunggalian. Ipaliwanag na sa ganitong mga sitwasyon, ang mga bata ay madalas mawalan ng edukasyon, kalusugan, at kaligtasan, at makaranas ng karahasan o pagkakalayo sa kanilang pamilya. Mahalaga itong maunawaan ng anak upang makita niya ang mga panganib na kinahaharap ng ibang bata sa buong mundo.

Bilang magulang o tagapangalaga, responsibilidad mong lumikha ng safe space para sa iyong anak. Dapat siyang makapagbahagi ng nararamdaman at opinyon nang walang takot, at matulungan siyang maprotektahan mula sa anumang panganib.

Dagdag Kaalaman

Ayon sa **Section 3B ng DepEd Order No. 40, s. 2012**, tinatawag na "*children in school*" ang mga mag-aaral na kasalukuyang nag-aaral sa **Basic Education System**, maging sila man ay nasa *formal o non-formal learning system tulad ng Alternative Learning System (ALS)*.



SCAN ME



Gabay para sa magulang

Gabayan ang inyong anak na basahin ang karagdagang kaalaman sa katumbas na pahina ng iyong binabasa.

Gamit ang cellphone, i-scan ang QR code para sa malawak na kaalaman patungkol sa "*children in school*". Makakatulong ito upang magkaroon ng mas detalyadong impormasyon at mas malalim na pag-unawa ang inyong anak tungkol sa mga karapatan ng bata sa paaralan at ang mga programa na tumutok sa kanilang edukasyon.



Marami tayong
natutunan tungkol sa
iba't ibang uri ng
pang-aabuso.

Tama kayo mga
kaibigan. Mas
mapoprotektahan na
natin ang ating
sarili.

Oo nga, Shawn!
Alam ko na ngayon
kung paano tukuyin ang
iba't ibang uri nito.

Gabay sa Magulang

Bilang magulang, marapat lamang na isagawa mo ang mga pagpapaalala sa mga bata ng iba't-ibang uri ng pang-aabuso.

Mahalaga na ipaliwanag ito sa isang paraang madaling maintindihan ng bata at maiwasan ang anumang takot o stigma na maaaring magmula rito. Ang patuloy na pag-uusap at pangangaral tungkol sa mga uri ng pang-aabuso ay nagbibigay sa kanila ng lakas ng loob na magtanong at humingi ng tulong kung kinakailangan.



Gabay sa Magulang

Gabayan ang bata, kung sino ang mga dapat at hindi dapat pagkatiwalaan nila. Sa paraang ito ay nagkakaroon ka na ng estratehiya ng pag-iwas sa anumang uri ng pang-aabuso na maaring mangyari sa kanila.

Mga Dapat Gawin Sakaling Makaranas ng Pang-aabuso

- Magkaroon ng sapat na kaalaman kung kanino, paano at saan hihingi ng tulong
- Magkaroon ng listahan ng mga numerong maaaring lapitan o tawagan
- I-report ang anumang nalamang kaso ng *child labor* sa mga awtoridad o sa mga organisasyong nagtatanggol sa mga karapatan ng bata
- Matutong magpahayag ng nararamdaman
- Humingi ng *psychological support* sa mga *guidance counselor* o *psychologist* para matulungan kang maproseso ang mga negatibong emosyon at magkaroon ng mas positibong pananaw.
- Magsanay ng *self-defense* dahil makatutulong ito sa seguridad at tiwala sa pagprotekta sa iyong sarili
- Iwasan ang pakikipag-ugnayan sa hindi kilalang tao *online* at i-report ang anumang hindi kumportableng pakikipag-*chat*
- Huwag mag-*click* ng mga hindi kilalang *link* o mag *download* ng mga *attachment* mula sa hindi kakilala o estranghero

Gabay para sa magulang

Upang makakuha ng mas marami pang impormasyon, gabayan ang iyong anak sa pagbasa tungkol sa mga dapat gawin ng mga batang nakararanas ng pang-aabuso. Ipaunawa sa kanya na mahalaga ang tamang kaalaman upang protektahan ang sarili at humingi ng tulong kapag kinakailangan.

Bilang magulang, tiyakin na may bukas na komunikasyon sa pagitan ninyo upang hindi matakot ang bata na magsalita. Ang iyong gabay ay magbibigay sa kanya ng kasiguruhan na laging may mga taong handang magbigay ng proteksiyon at suporta.

Upang mas lumawak ang iyong
kaalaman tungkol sa pagprotekta sa
iyong sarili, *i-scan* lamang ang *QR Code*
upang mabasa ang
"Six Tips to Protect Yourself"



SCAN ME

Gabay sa Magulang

Gabayan ang bata ng mga pamamaraan kung paano protektahan ang kanilang sarili sa mga taong posibleng makagawa sa kanila ng pang-aabuso. Gamit ang *QR code* sa itaas, ipaliwanag sa bata ang kahalagahan ng mga ito.

Gawain 5:

Child Abuse Word Search

Panuto: Isulat sa espasyo sa kanan ang mga salitang mahahanap sa ibaba.

P	S	F	A	T	H	C	R	T	U	R	Q
I	O	E	E	A	D	H	A	U	N	T	A
S	R	N	K	M	D	I	A	N	C	R	P
I	P	C	C	S	D	L	C	C	L	R	S
K	T	A	B	T	W	D	L	A	B	O	R
A	H	D	R	H	I	A	T	E	R	N	N
L	E	E	O	N	E	G	L	E	C	T	X
E	M	O	S	Y	O	N	A	L	T	R	X
D	V	S	H	A	D	T	C	C	H	R	R
P	P	A	B	U	S	E	S	T	E	R	A
A	V	E	R	A	D	Z	C	G	R	R	P
S	D	C	B	U	L	L	Y	I	N	G	H



Gabay para sa magulang

Gabayan ang iyong anak sa pagsagot ng Child Abuse Word Puzzle upang matulungan siyang maging pamilyar sa mga terminong may kinalaman sa pang-aabuso. Ipaalam sa kanya kung paano gamitin ang puzzle, ngunit hayaang siya ang maghanap ng mga salita upang mapaunlad ang kasanayan sa *problem-solving*. Maaari kang magbigay ng mga halimbawa ng mga salitang maaaring matagpuan bilang gabay.

Maaaring bilugan muna ang mga salitang nakita bago isulat sa kanang bahagi ng puzzle upang maging organisado ang pagsagot. Ang aktibidad na ito ay makakatulong sa pagpapalawak ng bokabularyo at magbibigay pagkakataon upang mapag-usapan ang mga isyu ng child abuse at kung paano ito maiiwasan.

Pagbati!

Narito ang iyong *badge* bilang patunay
na natapos mo ang *Level 2*.
Maaari ka nang magpatuloy.



Gabay sa Magulang

Pagbati! Mahusay na nakarating na kayo sa lebel na ito. Ipagdiwang ang progreso ng bata at purihin siya sa pagpapakita ng dedikasyon at kaalaman, na nagpapahiwatig ng kanyang pagnanais maging isang child protection advocate.



Sa pagpapatuloy ng paglalakbay...

Pagbati!

Maligayang pagdating sa *Level 3*!

Nadagdagan na naman ang ating kaalaman tungkol sa legal na depinisyon ng bata at ang iba't ibang uri ng pang-aabuso sa bata. Ipagpatuloy natin ang paglalakbay sa susunod na lebel.

Tara na at tuklasin natin ang mga panibagong konsepto ng *child protection*.



Gabay sa Magulang

Maligayang paglalakbay! Napakahalaga ng iyong papel sa tagumpay ng bata sa pag-abot ng dalawang lebel, at ang bawat hakbang ay isang patunay ng iyong pagsisikap bilang gabay. Sa mas mahirap na lebel na ito, magiging mahalaga ang iyong patuloy na suporta at pag-unawa upang matulungan ang bata sa mga masalimuot na konsepto at sitwasyon. Maging handa sa mga katanungan ng bata, at patuloy na magbigay ng tamang impormasyon at gabay upang magpatuloy siya sa kanyang pag-unlad bilang isang child protection advocate.

Ano ang Child Protection?

- Tumutukoy ito sa lahat ng proseso, patakaran, programa, mga interbensiyon at hakbang na naglalayong maiwasan at matugunan ang karahasan, pagsasamantala at pang-aabuso sa mga bata. Ang pangunahing layunin nito ay matiyak ang pag-unlad ng kabuuang potensiyal ng mga bata (UNICEF).
- Ito rin ang naging basehan ng DepEd Order No. 40, s. 2012 (DepEd Child Protection Policy).
- Ang proteksiyon ng bata ay tumutukoy sa pangangalaga sa mga bata mula sa iba't ibang anyo ng pang-aabuso, pagsasamantala, pagpapabaya, at karahasan, at pagtiyak ng kanilang kapakanan, kaligtasan, at karapatan.

Kasama rito ang:

- Proteksiyon mula sa pang-aabuso, pagpapabaya, at pagsasamantala
- Access sa edukasyon, kalusugan, at mga serbisyong panlipunan
- Pagtiyak sa kaligtasan at seguridad ng bata sa lahat ng kapaligiran (tahanan, paaralan, komunidad, online)

Gabay para sa magulang

Ipaliwanag sa bata na ang child protection ay isang programang naglalayong protektahan siya mula sa pang-aabuso, pagpapabaya, pagsasamantala, diskriminasyon, at karahasan.

Upang mas maunawaan ito, magbigay ng mga halimbawa tulad ng pisikal na pananakit ng guro o kaklase, na isang uri ng pang-aabuso, o sapilitang pagtatrabaho ng bata, na isang anyo ng pagsasamantala.

Ano naman ang Child Protection System?

- Ang *Child Protection System* ay isang **rights-based approach** na nag-uugnay sa mga bata sa mahahalaga at inklusibong serbisyong panlipunan at patas na sistemang panghustisya.
- Nagbibigay ito ng pangangalaga sa mga pinaka-bulnerable, kabilang ang mga batang naapektuhan ng digmaan o kalamidad; mga biktima ng *child labor o trafficking*; at mga batang may kapansanan o nasa pansamantalang pangangalaga ng mga itinalagang indibidwal o institusyon (UNICEF).
- **Ang lahat ng kasapi ng lipunan ay kabahagi sa Child Protection System** upang mabigyan ng katiyakan na may mga ahensiya na malalapitan ang bawat batang nakararanas ng pang-aabuso, pagpapabaya, pagsasamantala, diskriminasyon, at karahasan.

Gabay para sa magulang

Samahan mo ang bata na alamin ang *Child Protection System* upang malaman niya kung anong mga ahensiya ang maaaring lapitan kung siya ay makaranas ng pang-aabuso, pagpapabaya, o karahasan. Mahalaga ito upang mabigyan siya ng katiyakan na may mga taong handang tumulong.

Ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa *Child Protection System* ay magbibigay lakas ng loob sa bata na magsalita at humingi ng tulong kung kinakailangan. Ito ay makakatulong upang matiyak ang kanyang kaligtasan at proteksiyon.

Mga International Legal Framework ng Child Protection

Universal Declaration of Human Rights (UDHR)

Ito ay isang dokumento na nagsasaad ng mga karapatan at kalayaang nararapat sa lahat.

Narito ang mga sumusunod na artikulo na may kaugnayan sa proteksiyon ng bawat bata:

Artikulo III: Ang bawat tao ay may karapatang mabuhay, may kalayaan at seguridad.

Artikulo IV: Walang sinuman ang dapat gawing alipin o magsilbi ng sapilitan, panatilihin sa pagkaalipin; ang pang-aalipin at ang pangangalakal ng alipin o anumang kaparehong anyo ay mahigpit na ipinagbabawal.

Artikulo V: Walang sinuman ang dapat ipailalim sa torture o pagmamalupit, hindi makatao o mapang-abusong pagtrato o pagpaparusa.

Artikulo XXV: Ang pagiging ina at pagkabata ay may karapatan sa espesyal na pangangalaga at tulong. Lahat ng bata, lehitimo o ilehitimo ay may karapatan sa parehong proteksiyong panlipunan.



Gabay para sa magulang

Mahalaga na malaman ng bata ang tungkol sa kanyang mga karapatan bilang isang bata.

Isa sa mga dokumentong nagbibigay-proteksiyon sa mga bata ay ang United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC). Pagkatapos ninyong basahin ang mga pangunahing karapatan ng bata, tanungin siya kung alin sa mga ito ang pinaka-nakakaapekto sa kanyang pang-araw-araw na buhay.

Mga International Legal Framework ng Child Protection

United Nations Convention on the Rights of the Child o UNCRC

Ang UNCRC ay isang pandaigdigang kasunduan na may kaugnayan sa batas na nagtatakda ng karapatang sibil, pampolitika, pang-ekonomiya, panlipunan at kultural ng bawat bata, anuman ang kanilang lahi, relihiyon o kakayahan.

Ipinapaliwanag nito ang mga sumusunod:


- Sino ang bata
- Mga responsibilidad ng pamahalaan
- Pangunahing Karapatang Pambata:
 - Karapatang Mabuhay
 - Karapatan sa Pag-unlad
 - Karapatan sa Pakikilahok
 - Karapatan sa Proteksiyon



Gabay para sa magulang

Sabay ninyong alamin kung ano ang UNCRC. Sa bahaging ito, malalaman ninyo kung ano ang depinisyon ng bata at ang kanilang mga karapatan. Pag-usapan kung paano tumutugon ang pamahalaan sa mga obligasyon nito sa ilalim ng UNCRC.

Hikayatin ang bata na magbigay ng halimbawa kung paano ipinapatupad ang mga karapatang nabanggit.



Marami na naman akong natutuhan sa lebel na ito gaya ng kahulugan at mga elemento ng *Child Protection System*.

Ano pang hinihintay ninyo? Hindi pa tapos ang lebel na ito. Tara na Tek at Pro! Alamin natin ang mga batas, polisiya at programa sa ating bansa para sa proteksiyon nating mga bata.

Oo nga, Tek! Tumatak din sa isipan ko ang mga legal na basehan kung kaya't ang mga batang gaya natin ay nabibigyang-proteksiyon.

Gabay sa Magulang

Ang mga susunod na konsepto ay tungkol sa mga batas sa Pilipinas tungo sa proteksiyon ng bata. Patuloy na gabayan ang bata na maintindihan ng lubusan ang bawat batas na tatalakayin at kung paano siya magbebenepisyo sa mga ito.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

1987 PHILIPPINE CONSTITUTION ARTICLE XV, SECTION 3.2

Ang Saligang Batas ng Pilipinas ay nagsisilbing kataas-taasang batas na naglalaman ng mga probisyon na nagtatakda ng mga karapatan at obligasyon ng mga mamamayan, pati na rin ang mga prinsipyo ng pamamahala at iba pang aspeto ng lipunan.

Narito ang ilan sa mga artikulo na nakatuon sa pagtataguyod ng karapatang pambata bilang tungkulin ng pamahalaan:

- **Artikulo XV, Seksyon 3.2:** Karapatan ng mga bata na mabigyan ng wastong pag-aalaga at nutrisyon, at espesyal na proteksiyon mula sa lahat ng anyo ng kapabayaang pang-aabuso, kalupitan, pagsasamantala, at iba pang kondisyon na nakasasama sa kanilang pag-unlad.
- **Artikulo XIV, Seksyon 1:** Nagsasaad na ang estado ay dapat protektahan at itaguyod ang karapatan ng lahat ng mamamayan sa dekalidad na edukasyon sa lahat ng antas, at dapat gumawa ng mga angkop na hakbang upang gawing *accessible* ang edukasyon para sa lahat.

Gabay para sa magulang

Sabay ninyong alamin ang kahalagahan ng 1987 Philippine Constitution Article XV, Section 3.2 sa pangangalaga ng karapatan ng bata.

Talakayin ang papel ng bata bilang isang *rights holder*. Ipaliwanag na may likas na karapatan ang bawat bata na lumaki sa isang ligtas at maayos na kapaligiran. Pagkatapos basahin ang probisyong ito ng batas, tanungin ang bata kung paano niya maisasabuhay ang kanyang mga karapatan habang kinikilala rin ang kanyang mga responsibilidad.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

PRESIDENTIAL DECREE NO. 603 CHILD AND YOUTH WELFARE CODE

Ang PD No. 603 ay naglalayong protektahan at itaguyod ang mga karapatan at kapakanan ng mga bata at kabataan sa Pilipinas, kabilang ang mga kabataang nagkasala.



Article 3. Rights of the Child

Ipinapahayag ng artikulong ito ang prinsipyo ng pantay na pagtrato at paggalang sa mga karapatan ng lahat ng bata, anuman ang kanilang pinagmulan o kalagayan.

Ito ay naglalayong tiyakin ang mga karapatan ng mga bata sa isang ligtas at mapag-arulang kapaligiran para sa kanilang pag-unlad. Nagsusulong ito ng mga hakbang upang masiguro ang kanilang kalusugan, edukasyon, at pangkalahatang kapakanan, pati na rin ang pagtuon sa mga espesyal na pangangailangan ng mga batang may kapansanan.

Gabay para sa magulang

Samahan mo ang bata na aralin ang PD No. 603. Sa ganitong paraan, matutulungan mo siyang maunawaan ang kahalagahan ng batas na ito para sa kanyang kaligtasan, at pag-unlad bilang bata.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

**REPUBLIC ACT 7610
“SPECIAL PROTECTION OF CHILDREN AGAINST ABUSE, EXPLOITATION
AND DISCRIMINATION ACT”**

Ito ang batas na nagbibigay ng proteksiyon sa mga bata laban sa pisikal, sikolohikal, seksuwal na pang-aabuso, pagpapabaya, kalupitan, eksploytasyon, diskriminasyon at iba pang kondisyon na nakasasama sa kanilang pag-unlad.

Nakasaad sa batas na ito ang mga kaukulang parusa sa anumang paglabag dito.



Gabay para sa magulang

Ipaliwanag ang iba't ibang uri ng pang-aabusong sakop ng batas. Kabilang dito ang pisikal, emosyonal, at sekswal na pang-aabuso, at iba pang anyo ng pagsasamantala. Tanungin ang bata kung may alam siyang sitwasyon kung saan maaaring nalabag ang mga karapatang ito.

Hango mula sa Protektado Kami! Child Protection Toolkit: Gabay ng Bata

Ayon sa RA 7610, ang *Department of Justice* (DOJ) sa pakikipag-ugnayan sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang inaasahang magpahayag ng mga patakaran at regulasyon ng epektibong pagpapatupad ng batas na ito.

Sa kasalukuyan, mayroong mga komprehensibong programa ang DOJ at DSWD sa pakikipagtulungan sa iba't ibang ahensiya ng pamahalaan at pribadong sektor upang maprotektahan ang mga bata laban sa:

- *child trafficking*
- pornograpiya
- prostitusyon, at seksuwal na pang aabuso
- iba pang mga gawain ng pang-aabuso; at
- mga pangyayaring mapanganib sa kaligtasan ng bata at normal na pag-unlad.



Gabay para sa magulang

Samahan mo ang bata na basahin at unawain ang teksto tungkol sa mga ahensyang nagpapatupad ng RA 7610. Ipaalam sa kanya na may mga ahensiya ng gobyerno na responsable sa proteksiyon ng bata laban sa pang-aabuso at pagpapabaya.

Ipaliwanag sa bata na ang RA 7610 ay isang batas na nagpoprotekta sa mga bata, at may mga ahensiya na tumutulong sa pagpapatupad nito. Ang pagkakaroon ng kaalaman sa batas ay makakatulong sa kanya kung kailangan niyang humingi ng tulong mula sa mga ahensiya.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

REPUBLIC ACT 9231

AN ACT PROVIDING FOR THE ELIMINATION OF THE WORST FORMS OF CHILD LABOR AND AFFORDING STRONGER PROTECTION FOR THE WORKING CHILD

Ipinagbabawal ng batas na ito ang paggamit sa mga bata sa:

- sapilitang pagtrabaho
- prostitusyon at pornograpiya
- paggamit sa kanila sa armadong labanan; at
- iba pang ilegal na mga gawain at delikadong uri ng mga trabaho



Gabay para sa magulang

Hikayatin ang bata na magbigay ng opinyon kung bakit mahalagang protektahan ang mga bata laban sa child labor. Tulungan siyang maunawaan ang sakop ng batas sa child labor at kung paano ito naglalayong ipagtanggol ang mga bata mula sa mga gawaing hindi angkop sa kanilang edad, tulad ng sapilitang pagtatrabaho na pumipigil sa kanilang pag-aaral.

Ibalik ang mga natutunan sa lebel 2 tungkol sa child labor upang mapalalim ang kanyang pag-unawa sa mga panganib na dulot nito. Ipaliwanag kung bakit ang child labor ay maaaring makasama sa kalusugan, edukasyon, at kinabukasan ng mga bata.

Hango mula sa Protektado Kami! Child Protection Toolkit: Gabay ng Bata

Ang **National Council Against Child Labor (NCACL)** ay inaatasang palakasin ang mga pagsisikap ng pamahalaan para sa proteksiyon ng mga karapatan ng tinatawag na '*vulnerable sector*', lalo na ang mga bata, at palakasin ang mga kaugnay na mekanismo ng institusyon, at magtatag ng mga karagdagang hakbang para sa pag-iwas, pagbabawas, at pag-aalis ng anumang anyo ng child labor.

Mga ahensiya na kabilang sa NCACL



Gabay para sa magulang

Tulungan ang bata na maunawaan ang mga tungkulin ng iba't ibang ahensiya na kabilang sa National Council Against Child Labor (NCACL). Ipaalam sa kanya na ang mga ahensyang ito ay may mga programa at serbisyo na layuning protektahan ang mga bata mula sa child labor at iba pang uri ng pang-aabuso. Mahalaga na malaman ng bata kung sino ang kanilang malalapitan kung sakaling kailangan nila ng tulong o suporta, upang maging handa siyang humingi ng proteksiyon kapag kinakailangan.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

REPUBLIC ACT 11648 AN ACT PROMOTING FOR STRONGER PROTECTION AGAINST RAPE AND SEXUAL EXPLOITATION AND ABUSE, INCREASING THE AGE FOR DETERMINING THE COMMISSION OF STATUTORY RAPE

Ang RA 11648 ay naipasa taong 2022, na nagpataas ng edad ng mga biktima ng *statutory rape* mula 12 hanggang 16 taong gulang. Sa ilalim ng batas na ito, ang mga batang wala pang 16 taong gulang ay **itinuturing na biktima, kahit na may pahintulot sila**. Layunin ng batas na ito na protektahan ang mga kabataan laban sa pang-aabuso at eksploytasyon, at itinuturing na isang hakbang tungo sa mas mahigpit na proteksiyon sa mga bata laban sa *statutory rape*.



Gabay para sa magulang

Ipaliwanag sa bata na sinuman ay maaaring maging biktima ng panggagahasa at sekswal na pagsasamantala—bata man o matanda, anuman ang kasarian o katayuan sa buhay.

Ipaunawa sa kanya na ang batas ay umiiral upang protektahan ang lahat laban sa ganitong uri ng karahasan at upang matiyak na ang bawat isa ay ligtas at may karapatang ipagtanggol ang kanilang sarili.



Bago tayo magpatuloy sa pag-alam ng susunod na batas, mangyaring i-scan ang QR code upang mapanood ang video na magsisilbing *orientation or briefing* upang mas maunawaan natin kung ano ang mga anyo ng seksuwal na pang-aabuso. Mahalaga na mapanood ito upang magabayan tayo sa pagpapalawak ng ating kaalaman sa ganitong mga isyu na isang hakbang patungo sa mas maingat at ligtas na pagtanggap ng mga mahahalagang impormasyon.




SCAN ME

Gabay para sa magulang

Ang video na ito ay magsisilbing panimula sa mas malalim na talakayan tungkol sa mga batas laban sa seksuwal na pang-aabuso. Hikayatin ang bata na magtanong, magbahagi ng opinyon, at ipaliwanag ang kanyang natutunan. Sa ganitong paraan, mas mapapalawak ang kanyang kaalaman at mapapalakas ang kanyang kakayahang protektahan ang sarili laban sa anumang uri ng pang-aabuso.

Tandaan, ang isang bata ay mas protektado at ligtas mula sa pang-aabuso kung siya ay may sapat na kaalaman hinggil dito.



SCAN ME

Gabay para sa magulang

Bilang magulang, mahalagang magkaroon ka ng kaalaman tungkol sa mga programa at serbisyong ibinibigay ng pamahalaan para sa mga batang biktima ng pang-aabuso.

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon, hinihikayat ka naming i-scan ang QR code at gabayan ang iyong anak sa pagbasa at pag-unawa ng mga impormasyon na matatagpuan dito.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

REPUBLIC ACT 11596
“AN ACT PROHIBITING THE PRACTICE OF CHILD MARRIAGE AND
IMPOSING PENALTIES FOR VIOLATIONS THEREOF”

Ang batas na ito ay naglalayong ipagbawal ang child marriage. Itinakda nito ang pagbabawal ng anumang uri ng kasal na kinasasangkutan ng mga indibidwal na wala pang 18 taong gulang o bata.

Ang sinumang lumabag sa batas, kabilang ang mga magulang o tagapangalaga, na pumapayag o nag-aayos ng *child marriage* at sinumang indibidwal na nakikisama nang hindi kasal sa isang menor de edad ay maaaring maharap sa kaukulang parusa, tulad ng pagmumulta o pagkakulong, batay sa bigat ng kanilang paglabag.



Gabay para sa magulang

Gabayan ang bata sa pag-unawa ng batas na nagbabawal sa maagang pagpapakasal.

Hikayatin siya na maging mulat sa kanyang mga karapatan at sa kahalagahan ng tamang edad at kahandaan bago pumasok sa isang seryosong relasyon o pag-aasawa.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

Upang higit na mapatibay ang pagbabawal at kriminalisasyon ng child marriage, ang pamahalaan ay inaasahang magtaguyod ng isang makatarungan at ligtas na lipunan kung saan walang puwang ang child marriage at lahat ng mga bata ay protektado.

Ang mga sumusunod na patakaran ay dapat ipatupad, lalo na para sa mga batang babae:

- (a) pagpapalakas ng kakayahan ng mga bata sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon, kasanayan at mga *network* ng suporta;
- (b) pagpapahusay ng *access* ng mga bata sa at pagkompleto ng kalidad ng edukasyon;
- (c) pagbibigay ng suporta at tulong pinansyal sa mga bata at kanilang pamilya; at
- (d) pagsasagawa ng mga interbensyon upang maimpluwensyahan at palakasin ang kakayahan ng mga magulang at lider ng komunidad ng patuloy na pagpuksa ang *child marriage*.

Gabay para sa magulang

Ang pamahalaan ay may mga patakaran at programang nagtataguyod ng kaligtasan at edukasyon ng mga bata, tulad ng mga batas laban sa child marriage. Mahalaga ito upang matiyak na may pagkakataon ang mga bata sa magandang kinabukasan.

Ang mga patakarang ito ay dapat maipatupad nang mabuti upang maprotektahan ang mga bata at maiwasan ang maagang kasal. Ang kooperasyon ng pamahalaan at komunidad ay mahalaga upang matulungan ang mga batang makamit ang mas magagandang oportunidad.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

RA 10630 (amended RA 9344) or An Act Strengthening the Juvenile Justice System in the Philippines

Ang batas na ito ay naglalayong mapabuti ang makabatang sistema ng hustisya at bigyan ng solusyon ang kalagayan ng mga batang Pilipinong may suliranin sa batas.

Sa ilalim ng R.A. 10630 na nag-amyenda sa RA 9344, ang mga batang may edad na 15 pababa ay hindi itinuturing na may pananagutan sa batas, subalit kung ang bata ay nasa pagitan ng 15 hanggang 18 taong gulang, maaari silang ituring na may pananagutan sa batas ngunit sila ay sasailalim sa *diversion programs* na isang proseso at hakbang na isinasagawa upang matulungan silang magbago at makapagbagong buhay.

Sakop ng batas na ito ang **Children at Risk (CAR)** at **Children in Conflict with the Law (CICL)** o batang may suliranin sa batas.

Gabay para sa magulang

Sabayan siyang unawain ang batas, at ipaliwanag kung paano ito maaaring magbigay ng tamang suporta upang mapanatili silang ligtas at mailayo sa maling landas na maaaring humantong sa *delinquency* o kriminalidad sa hinaharap.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

RA 10821 or Children's Emergency Relief and Protection Act



Ang batas na ito ay naglalayong protektahan ang mga pangunahing karapatan ng mga bata bago, habang, at pagkatapos mangyari ang mga sakuna at iba pang emerhensiyang sitwasyon.

Ang batas na ito ay nagtatakda ng mga hakbang upang tiyakin ang kaligtasan at normal na pag-unlad ng mga bata, pati na rin ang mga buntis at nagpapasusong ina na apektado ng sakuna.

Naglalaan din ito ng komprehensibong programa upang mabigyan sila ng agarang suporta at proteksiyon laban sa karahasan, kalupitan, diskriminasyon, kapabayaan, pang-aabuso, pagsasamantala, at iba pang mga panganib na maaaring makasira sa kanilang kaligtasan, at pag-unlad.

Gabay para sa magulang

Maaari mong simulan ang paggabay sa iyong anak sa pamamagitan ng pagtatanong kung ano ang kanilang alam tungkol sa mga sakuna at emerhensiya.

Turuan sila ng mga tamang hakbang sa pag-iwas sa panganib, paghahanap ng tulong, at pagsunod sa mga alituntuning pangkaligtasan upang mas mapanatili ang kanilang seguridad sa ganitong mga sitwasyon.

Mga Programa at Serbisyo

C

Comprehensive Emergency Program for Children (CEPC) of DSWD

H

Heightened measures to prevent, detect, and address reports and incidents of child labor, child trafficking, and other forms of abuse and exploitation

I

Increased child involvement and participation in disaster risk reduction (DRR) planning and post disaster needs assessment (PDNA)

L

Limited use of schools as evacuation centers and monitoring of Temporary Learning Spaces (TLS);

D

Disaggregated data collection that identified children;

R

Restoration of civil registry documents;

E

Enhanced services for orphaned, unaccompanied, and separated (OUS) children with measures on rapid family tracing and reunification; and,

N

Nationwide training of respondents on child protection and psychosocial intervention.



Gabay para sa magulang

Tanungin sya kung ano ang kanyang pagkaunawa sa impormasyong nabasa upang matiyak na nauunawaan niya ang layunin ng mga programang ito at kung paano nakakatulong ang mga ito sa kanyang kaligtasan at pag-unlad.

Maaari mo rin siyang tanungin kung nakakatanggap siya ng anumang benepisyo mula sa mga serbisyong ito o kung may karanasan siya sa mga tulong na ibinibigay sa ilalim ng mga programang nabanggit.

Mga Programa at Serbisyo

Ang National Inter-Agency Committee (NIAC) na pinamumunuan ng DSWD ay binuo upang bumuo ng CEPC. Ang NIAC ay binubuo ng ibat-ibang ahensya ng gobyerno at mga civil society organization na may pokus sa mga bata



Council for the Welfare of Children



**Department of National Defense
-Office of Civil Defense**



Philippine Statistics Authority



Department of Education



Department of Public Work and Highways



Armed Forces of the Philippines



Department of Health



Department of Natural Resources-Mines and Geosciences Bureau



Philippine National Police



Department of the Interior Local Government

CIVIL SOCIETY ORGANIZATION



ChildFund Philippines



Gabay para sa magulang

Patuloy na gabayan ang bata sa pag-alam ng iba't ibang ahensya ng gobyerno at mga Civil Society Organizations (CSOs) na may layuning pangalagaan ang mga karapatan at kaligtasan ng mga bata.

Ipaliwanag sa kanya kung paano nakikipagtulungan ang mga organisasyong ito upang matiyak na natatanggap ng bawat bata ang proteksiyon, suporta, at serbisyong kailangan nila, lalo na sa panahon ng sakuna o iba pang mahahalagang sitwasyon.


Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

RA 11930 or Anti-Online Sexual Abuse or Exploitation of Children (OSAEC) and Anti-Child Sexual Abuse or Exploitation Materials (CSAEM) Act

Ang batas na ito ay may layuning palakasin ang proteksiyon ng mga kabataan at sugpuin ang krimen laban sa online sexual abuse at exploitation ng mga bata.

Ang mga pangunahing probisyon nito ang mga sumusunod:

- Pagpapalakas ng mga mekanismo sa pagbibigay ng proteksiyon sa mga bata mula sa lahat ng anyo ng seksuwal na karahasan, pang-aabuso, pagsasamantala at iba pang ilegal na aktibidad sa pamamagitan ng paggamit ng Information and Communications Technology (ICT)
- Pagpataw ng mas mahigpit na parusa sa mga tao o grupo na lalabag sa batas
- Pagsagawa ng mga programa para sa pag-iwas, pagpigil at interbensyon sa lahat ng sitwasyon ng online na seksuwal na pang-aabuso at pagsasamantala sa mga bata.
- Pagbabawal at pagsupil sa digital at di-digital na produksiyon, pamamahagi o pag-aari ng materyal na pang-aabuso o pagsasamantala sa bata.



Gabay para sa magulang

Ipaunawa sa iyong bata ang kahalagahan ng pag-iingat at pagiging responsable sa paggamit ng internet at social media upang maprotektahan ang sarili mula sa posibleng panganib.

Hikayatin ang bata na maging mapanuri sa mga taong kinakausap online, iwasan ang pagbabahagi ng personal na impormasyon, at agad na magsabi sa nakatatanda kung may nararanasan o nakikitang kahinahinalang aktibidad sa internet.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

RA 10627 otherwise known as “Anti-bullying Act of 2013”

Ang layunin ng batas na ito ay magtakda ng mga polisiya, hakbang, at patakaran sa lahat ng antas ng elementarya, sekondarya, at iba pang institusyon ng edukasyon upang protektahan ang mga kabataan laban sa anumang uri ng bullying.

Ang RA 10627 ay nagsusulong ng isang ligtas na kapaligiran sa paaralan upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga kabataan at magpatibay ng mga patakaran upang maiwasan ang bullying sa kani-kanilang institusyon.



Gabay para sa magulang

Mahalagang gabayan at tulungan ang inyong anak na maunawaan ang batas na ito na naglalayong protektahan ang mga bata laban sa anumang uri ng pananakot o pang-aapi (*bullying*) sa loob at labas ng paaralan.

Turuan din ang bata kung paano ipagtanggol ang sarili sa paraang hindi marahas, kung kanino maaaring lumapit para humingi ng tulong, at ang kahalagahan ng pagsasabi ng totoo tungkol sa *bullying*.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

RA 11188 – An Act Providing for the Special Protection of Children in Situations of Armed Conflict Act and Providing Penalties for Violations Thereof

Patakaran ng pamahalaan na magbigay ng espesyal na proteksiyon sa mga bata sa mga sitwasyon ng armadong tunggalian mula sa lahat ng anyo ng pang-aabuso, karahasan, kapabayaang, kalupitan, diskriminasyon at iba pang mga kondisyong nakapipinsala sa kanilang pag-unlad, na isinasaalang-alang ang kanilang kasarian, kultura, etniko at relihiyon.



Gabay para sa magulang

Himukin ang bata na maging bukas sa pagtalakay tungkol sa RA 11188 upang mapanatili ang kanilang kaligtasan at proteksiyon laban sa karahasan. Ipaliwanag na mahalaga ang may alam sa batas upang malaman nila kung paano kumilos kung may nangyaring hindi tama sa kanilang paligid.

Talakayin din ang mga hakbang na dapat gawin ng bata kung sakaling may kaguluhan, tulad ng paghahanap ng tulong mula sa mga awtoridad o mga taong mapagkakatiwalaan. Sa ganitong paraan, matutulungan silang maging handa at protektado.

Programa at Serbisyo

Sino-sino ang nagpapatupad ng mga nakasaad sa batas na R.A 11188? Ang IAC CSAC ay binubuo ng iba't ibang ahensiya ng gobyerno na inaasahang manguna sa pagpapatupad ng batas na ito. Sila din ang dapat magsiguro ng mga programa na makakatulong sa mga batang narescue, naapektuhan o naging bakwit dahil sa digmaan.

Inter-Agency Committee on Children in Situations of Armed Conflict



Gabay para sa magulang

Ipakilala sa bata ang mga ahensyang kabilang sa Inter-Agency Committee on Children in Situations of Armed Conflict (IAC-CSAC), na may tungkulin sa pagpapatupad ng RA 11188 para protektahan ang mga bata sa mga sitwasyon ng kaguluhan. Ang mga ahensyang ito ay may mga programang naglalayong mapanatili ang kaligtasan at kapakanan ng mga bata.

Sa pamamagitan ng pag-alam sa mga ahensyang ito, magkakaroon ang bata ng kaalaman kung saan siya maaaring humingi ng tulong at proteksiyon sa mga oras ng panganib.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

RA 10364 (expanding RA 9208) otherwise known as “EXPANDED ANTI-TRAFFICKING IN PERSONS ACT OF 2012

Ang batas na ito ay naglalayong mas epektibong labanan ang human trafficking at palawakin ang saklaw ng mga hakbang laban dito.

Ang RA 10634 ay sinusuportahan ang mga biktima sa pamamagitan ng mga sumusunod na komprehensibong paraan:

- Pagbibigay counseling, medical assistance, educational assistance, livelihood and skills training, legal aid, temporary shelter, at reintegration programs para sa mga nakaligtas.
- Pagpataw ng mas pinalakas na parusa sa mga nasa likod ng human trafficking upang mapigil ang mga gawain
- Paggamit ng mas modernong teknolohiya at masinsinang pag-iimbestiga upang mas mabilis na matukoy ang mga kaso ng trafficking
- Pagbabantay ng mga lugar na may mataas na insidente ng trafficking tulad ng terminal, pier at border
- Pagpapalaganap ng kamalayan ng publiko ukol sa human trafficking at paano ito maiiwasan
- Pagbibigay proteksiyon sa mga testigong handang tumulong sa kaso ng human trafficking upang mapabilis ang paghatol sa mga nagkasala.



Gabay para sa magulang

Ipaliwanag sa bata kung ano ang human trafficking at ang mga batas na itinakda upang protektahan sila laban dito tulad ng RA 10364 (Expanded Anti-Trafficking in Persons Act of 2012). Hikayatin siyang magbahagi ng kanyang sariling pagkakaunawa sa isyu at tanungin kung paano niya nakikita ang kahalagahan ng mga batas na ito sa kanyang kaligtasan.

Bigyang-diin din na ang pagiging mulat, maalam, at handa ay isang mahalagang hakbang upang sila ay mapanatiling ligtas.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

**REPUBLIC ACT NO. 8371 otherwise known as "PEOPLE RIGHTS ACT OF 1997"
AN ACT TO RECOGNIZE, PROTECT AND PROMOTE THE RIGHTS
OF INDIGENOUS CULTURAL COMMUNITIES/INDIGENOUS PEOPLES,
CREATING A NATIONAL COMMISSION ON INDIGENOUS PEOPLES,
ESTABLISHING IMPLEMENTING MECHANISMS,
APPROPRIATING FUNDS THEREFOR,
AND FOR OTHER PURPOSES**

Ang batas na ito ay kinikilala at pinangangalagaan ang mga karapatan ng mga katutubo sa kanilang sariling lupain, tradisyon at pamamahala. Narito ang mga mahalagang aspekto na may kaugnayan sa karapatan ng mga batang katutubo:

- akses sa edukasyon na nagpapahalaga sa kanilang wika, kultura at tradisyon
- akses sa serbisyong pangkalusugan na angkop sa kanilang pangangailangan kasama ang pagkilala at paggamit ng mga tradisyonal na paraan ng panggagamot
- pagtatanggol ng kanilang karapatang manirahan sa lupaing kanilang minana at itinakdang teritoryo
- pagpapahalaga sa tradisyonal na sistema ng pangangalaga sa mga bata sa loob ng kanilang sariling komunidad at pamilya na batay sa kanilang kultura
- proteksiyon sa anumang uri ng diskriminasyon batay sa kanilang etnisidad o pagiging bahagi ng katutubong komunidad
- pagsunod ng kanilang tradisyonal na paniniwala at kaugalian kabilang ang pananampalataya o ritwal na mga gawain.



Gabay para sa magulang

Ipaliwanag sa bata na mahalaga ang paggalang at pagkilala sa mga karapatan ng *Indigenous Cultural Communities (ICCs)* at *Indigenous Peoples (IPs)*. Ang pagpapahalaga sa kanilang kultura, tradisyon, at karapatan ay isang paraan ng pagpapakita ng respeto at pagkakaisa bilang isang bansa.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

REPUBLIC ACT NO. 10173

AN ACT PROTECTING INDIVIDUAL PERSONAL INFORMATION IN INFORMATION AND COMMUNICATIONS SYSTEMS IN THE GOVERNMENT AND THE PRIVATE SECTOR, CREATING FOR THIS PURPOSE A NATIONAL PRIVACY COMMISSION, AND FOR OTHER PURPOSES OR The Data Privacy Act of 2012

Ang batas na ito ay naglalayong protektahan ang karapatan sa pribadong impormasyon ng bawat indibidwal lalo na ng mga bata. Sa pamamagitan nito, sila ay magiging ligtas mula sa mga panganib ng kanilang personal na datos.

Ang mahalagang bahagi ng batas na ito ay ang mga sumusunod:

- Paghingi at pagbigay ng pahintulot mula sa mga magulang o legal na tagapag-alaga na may lehitimong interes bago mangolekta ng impormasyon mula sa mga bata
- Ang impormasyon ng mga bata ay dapat gamitin lamang para sa mga naaayon na layunin at hindi dapat maging sanhi ng pinsala
- Nag-uutos na agad na ireport ang anumang paglabag sa seguridad na maaaring makaapekto sa personal na impormasyon ng mga bata
- Itinataguyod ang edukasyon at pagsasanay tungkol sa mga karapatan sa privacy na naglalayong palakasin ang kaalaman ng mga bata sa proteksiyon ng kanilang impormasyon
- Magpatupad ng sapat na seguridad ang mga ahensya o organisasyon na nangangalaga ng impormasyon ng bata upang mapangalagaan ang mga datos nila.



Gabay para sa magulang

Ipaliwanag sa bata ang kahalagahan ng pagprotekta sa kanyang personal na impormasyon at turuan siyang maging mapanuri sa pagbabahagi ng impormasyon sa internet.

Turuan siya kung ano ang dapat at hindi dapat gawin pagdating sa pagbabahagi ng personal na impormasyon online. Hikayatin din siyang agad magsabi kung may natatangap siyang kahina-hinalang kahilingan o mensahe mula sa hindi kilalang tao.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

RA 11650 or Instituting a Policy of Inclusion and Services for Learners with Disabilities in Support of Inclusive Education Act

Isinusulong ng batas na ito ang inklusibong edukasyon para sa mga learners with disabilities (pisikal, learning at developmental disorders). Pinapalawak ng batas na ito na ang mga institusyon ay magkaroon ng mga angkop na hakbang tungo sa inklusibo, patas, at dekalidad na edukasyon para sa lahat.



Gabay para sa magulang

Bilang magulang, mahalaga na ipaintindi sa bata ang RA 11650, na nagsusulong ng pantay-pantay na edukasyon para sa mga batang may kapansanan. Ituro sa kanila na ang batas na ito ay nagbibigay ng mga angkop na pasilidad at serbisyo upang matulungan silang matuto at magtagumpay sa regular na paaralan.

Ipaunawa rin sa bata ang layunin ng batas na ito—ang pagbibigay ng pagkakataon sa lahat ng bata, anuman ang kanilang kalagayan, upang makapag-aral at magkaroon ng makatarungang oportunidad sa buhay.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

RA 11650 or Instituting a Policy of Inclusion and Services for Learners with Disabilities in Support of Inclusive Education Act

Ayon sa **RA 11650**, ang DepEd, DSWD, DOLE, NCDA, at mga LGU ay magsusulong ng mga programa upang suportahan ang mga pangangailangang pinansyal, pang-edukasyon, at pang-accessibility ng lahat ng mag-aaral na may kapansanan, at mahirap sa buhay na naaayon sa **Republic Act No. 8425**, kilala bilang "**Social Reform and Poverty Alleviation Act.**"

Ang mga benepisyo batay sa **Republic Act No. 6728**, na kilala bilang "**Government Assistance to Students and Teachers in Private Education Act,**" ay dapat na ipagkakaloob din sa mga karapat-dapat na mag-aaral na may kapansanan batay sa mga pamantayan ng nasabing batas ukol sa kwalipikasyong akademiko at pangangailangang pinansyal, at iba pa.

Para sa pagsasama ng mga patakaran at koordinasyon ng mga tungkulin, nilikha ang **Inter-Agency Coordinating Council for Learners with Disabilities (IACC)** na binubuo ng mga sumusunod na departamento at ahensya at pinangungunahan ng Department of Education.



Gabay para sa magulang

Pag-usapan ninyo kung paano kayo maaaring magbigay ng kontribusyon upang maisulong ang mga hakbang na nagtataguyod ng inklusibo, patas, at dekalidad na edukasyon para sa mga learners with disabilities.

Mga Batas sa Pilipinas na Nagtataguyod ng mga Karapatan ng Bata

R.A 11642 or AN ACT STRENGTHENING ALTERNATIVE CHILD CARE BY PROVIDING FOR AN ADMINISTRATIVE PROCESS OF DOMESTIC ADOPTION, REORGANIZING FOR THE PURPOSE THE INTER-COUNTRY ADOPTION BOARD (ICAB) INTO THE NATIONAL AUTHORITY FOR CHILD CARE (NACC), AMENDING FOR THE PURPOSE REPUBLIC ACT NO. 8043, REPUBLIC ACT NO. 11222, AND REPUBLIC ACT NO. 10165, REPEALING REPUBLIC ACT NO. 8552, AND REPUBLIC ACT NO. 9523, AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR

Ang batas na ito ay naglalayong matiyak na ang bawat bata ay mananatili sa pangangalaga ng mga magulang at pagkakalooban ng pagmamahal, pangangalaga, pag-unawa, at seguridad tungo sa ganap at maayos na pag-unlad ng kanyang pagkatao. Tinatakda ng batas na ito na ang pag-aampon ay dapat isaalang-alang lamang kapag napatunayang walang sinuman sa kanilang pamilya ang makapagbigay ng sapat na pangangalaga.; kaya naman, layunin ng batas na mapadali at mapabuti ang proseso ng pag-aampon ng mga bata sa Pilipinas. Tinitiyak din nito ang kapakanan ng mga batang-ampon at ng kanilang bagong pamilya.



Gabay para sa magulang

Hikayatin ang bata na magtanong at ipahayag ang kanyang opinyon tungkol sa RA 11642 upang mas maunawaan niya ang kahalagahan ng batas sa kanilang kaligtasan. Ipaunawa rin sa kanya ang halaga ng pamilya bilang pangunahing sandigan ng pagmamahal at suporta, na nagbibigay ng seguridad at tumutulong sa bata upang mapahalagahan ang kanilang mga karapatan.

Gawain 6: Pagtapatin natin ito!

Panuto: Pagtapatin ang mga paglalarawan na Hanay A sa katumbas na polisiya o batas sa Hanay B. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

HANAY A

- _____ 1. Elimination of the Worst Form of Child Labor
- _____ 2. Juvenile Justice Welfare Act
- _____ 3. Anti-Online Sexual Abuse or Exploitation of Child (OSAEC) and Anti-Child Sexual Abuse or Exploitation Materials (CSAEM) Act
- _____ 4. Children's Emergency Relief and Protection Act
- _____ 5. Special Protection of Children in Situations of Armed Conflict
- _____ 6. An Act Providing for Stronger Protection Against Rape and Sexual Exploitation and Abuse Increasing the Age for Determining the Commission of Statutory Rape
- _____ 7. Expanded Anti-trafficking in Persons Act of 2012
- _____ 8. Anti-Bullying Act
- _____ 9. Instituting a Policy of Inclusion and Services for Learners with Disabilities in Support of Inclusive Education Act
- _____ 10. An Act Prohibiting the Practice of Child Marriage

HANAY B

- A. RA 11648
- B. RA 9231
- C. RA 10630
- D. RA 11930
- E. RA 10821
- F. RA 11188
- G. RA 10627
- H. RA 11650
- I. RA 10634
- J. RA 11596
- K. RA 9344

92

Gabay para sa magulang

Subukang muling suriin ang pag-unawa ng iyong anak sa mga tinalakay na batas at patakarang may kaugnayan sa child protection sa pamamagitan ng gawain na ibinigay.

Pagkatapos masagutan ang gawain 6, gamitin mo ang susi sa pagwawasto na nasa pahina 134 ng Protektado Kami! Child Protection Toolkit: Gabay ng Bata.



Mahusay! Maraming batas pala ang mga ipinapatupad para sa proteksiyon sa mga bata. Ngayon, alamin naman natin ang mga mekanismo at estratehiya sa pagprotekta sa kanila.
Tara na!

Gabay sa Magulang

Matagumpay mong nagabayan ang bata na alamin ang bawat batas na tumutulong sa pagprotekta sa bata. Maaring mayroong mga katanungan ang bata matapos talakayin ang mga batas, sagutin ito ng naayon sa inyong mga natutunan sa talakayan. Ngunit kung hindi sigurado sa iyong kasagutan, maaring magtanong sa ibang child protection actors na sa tingin mo ay makakasagot sa katanungan ng bata. Mahalaga na hindi ka makapagbigay ng mga misleading information o maling impormasyon sa bata

Ano nga ba ang **Philippine Development Plan (PDP)** at **Local and Regional Development Plan (LRDP)**?



Ito ay komprehensibong plano ng gobyerno na naglalayong itaguyod ang pangmatagalang pag-unlad ng bansa o rehiyon. Nakatuon ito sa mga estratehiya at hakbangin sa pag-unlad ng ekonomiya, lipunan, kapaligiran, at nagbibigay ng pantay na pagkakataon para sa bawat Pilipino na naglalayong makamit ang naturang plano sa nakatakdang taon.

Ang mga lokal na pamahalaan ay inaasahan na makipagtulungan sa komunidad upang suportahan ang mga layunin ng rehiyon na nag-uugnay sa pag-unlad ng bansa.

Layunin din nito na maisali ang lahat ng kabataan sa mga pagpapalano at pagdidisenyo ng programang pangkaunlaran para sa mga bata na may kaugnayan sa edukasyon, kalugusan, at pag-unlad.

Gabay para sa magulang

Iugnay ang konsepto ng *Local at Regional Development Plan (LRDP)* sa aktwal na mga pangyayari sa paaralan at komunidad. Maaari mong tanungin ang bata kung siya ba ay nagkaroon ng pagkakataong makilahok sa pagpapalano at pagpapatupad ng isang programa o gawain sa kanilang paaralan o barangay. Ipaliwanag na, katulad ng paaralan kung saan ang mga mag-aaral ay maaaring magbigay ng suhestiyon sa mga proyekto o lumahok sa mga gawain, ang ating lokal at rehiyonal na pamahalaan ay mayroon ding plano upang mapabuti ang komunidad.

Hikayatin din ang bata na maging bahagi ng pag-unlad. Ipaunawa sa kanya na kahit bata pa siya, may mahalaga siyang papel sa pagpapatupad ng mga planong ito.


Child 21: Pang-matagalang Plano para sa Kabataang Pilipino

Ang **Philippine National Strategic Framework for Plan Development for Children (2000-2025)** or Child 21

Ang Child 21 ay isang 25-taong estratehikong balangkas para sa pagpapalano ng mga programa at interbensyon na nagtataguyod at nangangalaga sa mga karapatan ng mga batang Pilipino. Ito ay nagsisilbing roadmap upang itaon ang mga plano at programa sa mga bata.

Pinag-isang Bisyon para sa mga Batang Pilipino 2025 (Shared Vision for Filipino Children 2025)

- Ipinanganak na malusog at maayos na may likas na karapatan sa buhay, na pinagkalooban ng dignidad ng tao
- Masaya, minamahal at inalagaan ng isang matatag, matatag at mapagmahal sa Diyos na pamilya
- Pamumuhay sa isang mapayapa, progresibo, makatarungang kasarian at magiliw sa bata na lipunan
- Lumalagong ligtas sa isang malusog na kapaligiran at ekolohiya
- Malaya at pinoprotektahan ng isang responsable at may kakayahang pamahalaan
- Pag-abot sa kanyang buong potensyal gamit ang mga tamang pagkakataon at naa-access na mapagkukunan
- Punong-puno ng mga pagpapahalagang Pilipino sa kanyang katutubong pamanang kultura
- Paninindigan sa kanyang mga karapatan gayundin sa iba
- Aktibong nakikilahok sa paggawa ng desisyon at pamamahala, sa pagkakaisa at pakikiisa sa iba sa pagpapanatili sa pagpapanatili ng bansang Pilipino.



Gabay para sa magulang

Ipaliwanag sa bata ang kahalagahan ng Child 21. Mangyaring magbigay ng ilang halimbawa sa nasabing shared vision para mas maunawaan ng bata.

Plano para sa Proteksiyon ng mga Batang Pilipino mula sa Pang-aabuso

Ano naman ang **Philippine Plan of Action to End Violence Against Children (PPAEVAC)**?

Ang PPAEVAC 2017-2022 ay isang multi-sektoral na plano na nilikha para sa unti-unting pagbabawas ng karahasan laban sa mga bata. Ito ay bahagi ng pangkalahatang pangako ng Gobyerno na bumuo ng isang kapaligiran na nagbibigay-galang, nagsusulong, at tumutugon sa mga karapatan ng lahat ng bata.

Ipinapakita rin nito ang pagkilala ng Gobyerno sa mga karapatan ng mga bata sa kaligtasan, pag-unlad, proteksiyon, at pakikilahok, pati na rin ang kanilang karapatan na makamit ang kanilang buong potensiyal, tulad ng nakasaad sa *United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC)*.



Gabay para sa magulang

Ipaunawa sa bata kung ano ang PPAEVAC at kung paano ito nakakatulong sa paglaban sa karahasan laban sa mga bata. Ipaliwanag na sa pamamagitan ng programang ito, maraming proyekto ang isinagawa upang protektahan ang mga bata mula sa mga pang-aabuso. Ipakita sa bata na siya mismo ay may kakayahang maging bahagi ng solusyon sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng karapatang pambata at pagiging responsable.

Ang Sistema ng Proteksiyon sa mga Bata sa Pilipinas

Council for the Welfare of Children (CWC)

Ang Council for the Welfare of Children (CWC) ay nilikha sa pamamagitan ng Presidential Decree 603, o mas kilala bilang Child and Youth Welfare Code noong 1974.

Ito ay inaatasan na pag-ugnayin ang pagpapatupad ng lahat ng mga batas at gumawa, subaybayan at suriin ang mga patakaran, mga programa at mga hakbang para sa mga bata.

Ayon sa **Executive Order No. 806**, na nilagdaan noong 2009, na inamyendahan ang **Executive Order No. 778** at pinagtibay na ang CWC ay magpapatuloy na gampanan at gamitin ang parehong kapangyarihan alinsunod sa mga probisyon ng PD 603 at **Executive Order 233** na kalakip sa DSWD.



Gabay para sa magulang

Ipaunawa sa bata kung ano ang PPAEVAC at kung paano ito nakatutulong sa paglaban sa karahasan laban sa mga bata. Ipaliwanag na sa pamamagitan ng programang ito, maraming proyekto ang isinagawa upang protektahan ang mga bata mula sa mga pang-aabuso at pagsasamantala.

Ipakita sa bata na siya mismo ay may kakayahang maging bahagi ng solusyon. Maaaring magsimula siya sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa mga karapatang pambata at pagiging responsable sa kanyang komunidad.

Ang Sistema ng Proteksiyon sa mga Bata sa Pilipinas

Local Council for the Protection of Children (LCPC)

Layunin ng batas na ito ang epektibong pagtatag ng LCPC sa bawat lungsod, munisipyo at barangay sa Pilipinas upang masiguro ang kaligtasan ng mga bata sa anumang uri ng pang-aabuso, pagpapabaya, at iba pang panganib.

Ang DILG MC 2021-039 ay nagbibigay ng mga mekanismo para sa pagsubaybay at pagsusuri ng mga programang inilunsad ng LCPC, upang matiyak ang kanilang bisa at epektibong pagpapatupad.



Gabay para sa magulang

Tanungin ang iyong anak kung alam niya ang mga organisasyon o samahan sa kanilang paaralan at komunidad na nagsusulong ng karapatan at kapakanan ng mga bata. Hikayatin siyang magbigay ng halimbawa at ipaliwanag kung paano tumutulong ang mga organisasyong ito sa mga bata, tulad ng pagbibigay ng suporta at proteksiyon laban sa pang-aabuso at pagpapabaya.

Isa sa mga organisasyong may mandato ay ang LCPC o Local Council for the Protection of Children. Ipaunawa sa kanya na ang LCPC ay isang ahensya na nagtutulungan upang tiyakin ang kaligtasan ng mga bata sa komunidad at nagsasagawa ng mga programa upang matulungan ang mga batang nangangailangan ng proteksiyon at suporta.

Mga Gampanin ng Local Council for the Protection of Children

P lan, promote, institutionalize CF policies, programs, policies	C ouncil organizing
R espond immediately to issues and concerns affecting children	H ousehold and community studies
O ptimize and mobilize local resources	I nstitution building
T rain, educate and mobilize community leaders and families	L ocalization of policies and programs
E mpower and assist in organizing the children sector in the community	D evelopment planning
C oordinate local initiative for children	R esource mobilization
T est and replicate model programs to protect children	E valuation and monitoring
S ystematize development	N etworking and coordination

Gabay para sa magulang

Ipaunawa sa bata na ang LCPC ay isang grupo ng mga tao mula sa bawat lokal na komunidad, kabilang ang mga opisyal ng barangay, guro, magulang, at iba pang kinatawan ng pamahalaan at pribadong sektor.

Hikayatin ang bata na maging mulat sa mga gawain ng LCPC at alamin kung paano siya maaaring makilahok o makatulong sa pagpapalaganap ng tamang impormasyon upang mapanatiling ligtas at maayos ang lahat ng bata sa kanilang komunidad.

Ang Sistema ng Proteksiyon sa mga Bata sa Pilipinas

CITY AND MUNICIPAL COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN (C/MCPC)

Ang City and Municipal CPC ay binubuo ng mga sumusunod:

- Chairperson
- Vice-Chairperson
- City Municipal Mayor
- Sangguniang Panlungsod/Bayan
- Member (Chairperson of the Committee on Women and Family or Committee on Children)

Mga Myembro:

- City/Municipal Administrator
- City Municipal Planning and Development Officer
- City/Municipal Social Welfare and Development Officer
- Municipal Health Officer
- City/Municipal Nutrition Officer
- City/Municipal Budget Officer
- City Municipal Public Employment Service Officer
- City/Municipal Disaster Risk Reduction and Management Officer
- City/Municipal Agriculture Officer
- City/Municipal LIGA ng mga Barangay President
- City/Municipal SK Federation President
- Child representative
- DILG City Director/City/Municipal Field Officer/Local Government Operations Officer
- DepEd Schools Division/District Offices (Superintendent, District Supervisor or CPC Coordinator)
- PNP Director or City/Municipal Chief of Police
- At least one (1) CSO representative: Parent Representative at iba pa


Gabay para sa magulang

Ang City and Municipal Council for the Protection of Children (C/MCPC) ay binubuo ng mga miyembro mula sa gobyerno at mga non-government organizations na nagtataguyod ng kaligtasan ng mga bata. Kasama sa mga miyembro nito ang mga kinatawan mula sa lokal na pamahalaan, edukasyon, at social welfare.

Mahalagang ipakilala sa mga bata ang mga kasapi ng C/MCPC upang malaman nila kung sino ang mga maaaring magbigay ng tulong at proteksiyon. Makakatulong ito upang mapalakas ang kanilang tiwala at kamalayan sa mga taong may malasakit sa kanilang kapakanan.

BARANGAY COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN (BCPC)

The BCPC shall be composed of:



Gabay para sa magulang

Ipakilala sa iyong anak ang mga miyembro ng Barangay Council for the Protection of Children (BCPC), tulad ng mga lider ng barangay at mga kasapi na may tungkuling magsagawa ng mga hakbang para sa kapakanan ng mga bata sa kanilang komunidad.

Ipaunawa sa kanya na ang BCPC ay may mandato sa bawat barangay na magsagawa ng mga programa at aktibidad upang maprotektahan ang mga bata laban sa pang-aabuso, pagpapabaya, at iba pang uri ng karahasan, pati na rin ang pagpapalaganap ng mga kaalaman ukol sa karapatan ng mga bata.

Ang Sistema ng Proteksiyon sa mga Bata sa Pilipinas



Tandaan natin na tayo ay maaaring maging kinatawan ng BCPC at magsilbing boses ng mga kabataan sa ating komunidad. Narito ang mga pamantayan upang maging child representative ayon sa DILG MC 2021-039.

Ang kinatawan ng mga bata sa BCPC ay kailangang:

- 10 hanggang 15 taong gulang;
- Aktibong kalahok sa komunidad;
- Miyembro ng isang kilalang organisasyon sa barangay, paaralan, o simbahan;
- May kakayahang ipahayag ang mga isyu at suliranin ng mga bata;
- May hindi bababa sa isang (1) taong paninirahan sa barangay;
- Mayroong kasanayan sa pamumuno; at
- May balanseng pananaw sa kasarian, relihiyon, lahi, at kapansanan.

Gabay para sa magulang

Maaari mong itanong sa iyong anak kung nais niyang maging *child representative* at ipabatid sa kanya ang mga pamantayan upang maging child representative ayon sa DILG MC 2021-039.


Ipaliwanag na ang papel ng *child representative* ay mahalaga sa pagpapalaganap ng mga karapatan ng mga bata at sa pagtiyak na ang kanilang mga boses ay maririnig at isasaalang-alang sa mga desisyon ng pamahalaan at komunidad.

Hango mula sa Protektado Kami! Child Protection Toolkit: Gabay ng Bata



Nakita mo na ba ang logo na ito sa inyong komunidad?

Ito ang logo ng SK, o tinatawag na Sangguniang Kabataan. Binuo ito upang mabigyan ng pagkakataon ang mga kabataan na makilahok sa pagpili ng kanilang kandidato sa pamahalaan.



Kahit bata ka pa, mayroon kang potensiyal na magsilbi sa ating bayan dahil pwede ka nang bumoto kung ikaw ay nasa edad 15 hanggang 17. Ito ay para sa eleksiyon ng Sangguniang Kabataan (SK), kung saan ang mga kabataan ay may pagkakataong pumili ng mga lider na maglilingkod at magtataguyod ng kanilang mga karapatan at interes. Ang pagkakaroon ng boses sa eleksiyong ito ay mahalaga upang makilahok ka sa mga usaping nakaaapekto sa kabataan at sa iyong komunidad.

Kapag umabot ka sa edad na 18, maaari ka nang tumakbo bilang kandidato sa eleksiyon. Ibig sabihin, sa edad na iyon, may pagkakataon ka nang makilahok sa pamahalaan at gumawa ng mga desisyon para sa iyong komunidad.

Gabay para sa magulang

Tanungin ang bata kung alam niya kung ano ang Sangguniang Kabataan (SK). Ipaliwanag na ang SK ay binuo upang bigyan ang mga kabataan ng pagkakataong makilahok sa proseso ng pagpili ng kanilang mga kinatawan sa pamahalaan at maging aktibong bahagi ng pamamahala sa kanilang komunidad.

GAWAIN 7:
BCPC at SK Programs, Isulat na yan!



Halika! Subukan natin ang iyong kamalayan sa mga proyekto ng BCPC at SK sa inyong barangay. Isulat sa kahon ang mga programa, proyekto at aktibidad na para sa bata na isinasagawa sa inyong barangay.

Gabay para sa magulang

Pasagutin ang bata ng gawain upang masukat ang kaniyang kamalayan tungkol sa mga proyekto ng Barangay Council for the Protection of Children (BCPC) at Sangguniang Kabataan (SK) sa kanilang barangay.

Hayaan siyang malayang ipahayag ang kanyang nalalaman at opinyon.

Child Protection System in the Philippines



CHILD PROTECTION POLICY (CPP) AND CHILD SAFEGUARDING

Ang Child Protection Policy (CPP) ay ipinatupad upang masiguro na protektado ang mga bata kapag may mga tao o mga organisasyong direktang tumutulong o nakikisalamuha sa mga bata upang maiwasan ang pang-aabuso at kasamaan.

Sa CPP nakapaloob ang child safeguarding kung saan responsibilidad ng mga organisasyon na siguraduhing ang mga tauhan, gawain, at programa nila ay hindi nakasasama sa mga bata, at lalong hindi dapat nagdudulot ang mga ito ng kapahamakan sa mga bata.



Gabay para sa magulang

Magtanong sa bata kung ano ang kanyang pagkaunawa sa Child Protection Policy (CPP) at kung paano niya ito nakikita o nararanasan sa kanyang paligid. Ipaunawa sa kanya na ang CPP ay isang patakaran na naglalayong protektahan ang mga bata laban sa pang-aabuso at karahasan.

Ipaliwanag na ang mga ahensiya at institusyon, kabilang ang mga paaralan at komunidad, ay may tungkuling magpatupad ng mga hakbang upang matiyak na ang bawat bata ay may proteksiyon at ligtas na kapaligiran.



Alam mo bang mayroong pamantayan ang Educo para masiguro na pinapalaganap ang Child Protection Policy at Child Safeguarding? Madali lang siyang intindihin, at tiyak na makatutulong para sa proteksyon nating lahat!

Upang masiguro na mayroong *Child Protection Policy* at *Child Safeguarding*, ang mga tauhan ng organisasyon na direktang nakikisalamuha sa mga batang gaya ko ay dapat na:

- Tratuhan ako lagi nang may respeto at walang diskriminasyon batay sa kasarian, etnikong pinagmulan, pananalita, katangian, relihiyon o paniniwala.
- Siguruhing lagi akong ligtas at protektado.
- Makinig sa akin at bigyan ako ng pagkakataong magsagawa ng aktibidad upang malaya akong makapagpahayag ng aking sarili.
- Sumangguni sa akin kung nais kong makilahok sa mga gawain, proyekto, kampanya, at panayam ng organisasyon, gayundin ang paghingi ng pahintulot mula sa aking tatay, nanay o tagapag-alaga, sa papel man o sa salita [verbal].
- Humingi ng aking pahintulot at ipaliwanag kung para saan ito gagamitin bago ako kunan ng litrato, video at panayam.
- Respetuhin ang aking desisyon na hindi magpatuloy sa pakikilahok sa mga gawain, gaya ng interbyu o surbey, lalo na kung ako ay hindi na komportable sa sitwasyon.

Gabay para sa magulang

Ipaliwanag na isa ang Educo sa mga organisasyon na mayroong Child Protection Policy (CPP). Banggitin din sa bata ang mga pamantayan ng Educo upang matiyak na naipapatupad at naipalalaganap nang maayos ang Child Protection Policy at Child Safeguarding.

Ipaunawa na ang mga pamantayang ito ay itinakda upang mapanatili ang isang ligtas, maayos, at makatarungang kapaligiran para sa lahat ng bata, at upang protektahan sila mula sa anumang uri ng pang-aabuso, kapabayaang, o panganib.

DepEd Child Protection Policy o CPP

Deped Order No. 40 S. 2012 talks about the Policy and Guidelines on Protecting Children in School from Abuse, Violence, Exploitation, Discrimination, Bullying and other forms of abuse

Pinagtibay ng DepEd ang patakaran na magbigay ng espesyal na proteksiyon sa mga bata na nanganganib o lubhang nanganganib na mga pangyayari na nakaaapekto sa kanilang normal na pag-unlad at kung saan wala silang kontrol, at upang tulungan ng mga kinauukulang ahensiya ang kanilang rehabilitasyon.



Gabay para sa magulang

Ipaliwanag sa bata kung ano ang DepEd Child Protection Policy (CPP) at kung bakit ito mahalaga sa kanilang kaligtasan at kapakanan.

Hikayatin ang bata na maging mapanuri at maging aktibong bahagi ng pagpapatupad ng CPP sa kanilang paaralan. Paalalahanan din siya na kung may nararanasan o nasasaksihang pang-aabuso, dapat niya itong ipagbigay-alam sa mga nakatatanda o sa kinauukulan.

DepEd Child Protection Policy o CPP

Layunin ng Departamento na tiyakin ang espesyal na proteksiyon mula sa lahat ng uri ng pang-aabuso at pagsasamantala at pangangalaga na kinakailangan para sa kapakanan ng bata, na isinasaalang-alang ang mga pangunahing karapatan at tungkulin ng mga magulang, legal na tagapag-alaga, o iba pang responsableng indibidwal sa pangangalaga sa bata. Kinikilala ng DepEd ang karapatan sa pakikilahok ng bata sa pagbuo at pagpatupad ng mga polisiya, at sa lahat ng mga prosesong nakaaapekto sa kanila, maging sila ay biktima o *aggressor*, direkta man o sa pamamagitan ng isang kinatawan.




Alinsunod dito, binibigyang-diin ng Deped ang *zero tolerance* laban sa anumang pang-aabuso sa bata, pagsasamantala, karahasan, diskriminasyon, at pambu-bully.

Gabay para sa magulang

Ipaliwanag sa bata na ang Child Protection Policy (CPP) sa paaralan ay mahalaga upang matiyak ang kanilang kaligtasan at kapakanan. Itinatakda nito ang mga hakbang upang maprotektahan sila mula sa pang-aabuso at karahasan, at magbigay ng isang ligtas na kapaligiran para sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng CPP, ang paaralan ay tumutok sa pagpapalaganap ng mga alituntunin na nagsisiguro ng proteksiyon para sa bawat bata.

Sino-sino ang bumubuo ng School Child Protection Committee o SCPC?



Gabay para sa magulang

Ipakilala sa bata ang mga miyembro ng School Child Protection Committee (SCPC), kabilang ang mga guro at mga kawani ng paaralan na responsable sa pagtiyak ng kaligtasan ng mga estudyante. Ipaunawa na ang kanilang tungkulin ay magpatupad ng mga hakbang upang maiwasan ang pang-aabuso o anumang panganib sa loob ng paaralan.

Mahalaga ring banggitin na mayroong isang batang miyembro ng komite, na magsisilbing boses ng kabataan. Ang batang ito ay nagbibigay ng pananaw at opinyon mula sa perspektibo ng mga estudyante upang masiguro ang kanilang kaligtasan at kapakanan.

Mga Tungkulin ng School Child Protection Committee

1. Bumuo ng isang patakaran sa pangangalaga ng bata sa paaralan na may kasamang *code of conduct* at isang plano upang matiyak ang proteksiyon at kaligtasan ng bata, na susuriin tuwing tatlong (3) taon.
2. Magsimula ng mga programa sa pagpapalaganap ng impormasyon at mag-organisa ng mga aktibidad para sa proteksiyon ng mga bata mula sa pang-aabuso, pagsasamantala, karahasan, diskriminasyon at pambu-bully.
3. Bumuo at magpatupad ng *referral* at *monitoring system* na nakabatay sa paaralan.
4. Magtatag ng sistema para matukoy ang mga mag-aaral na posibleng dumaranas ng pinsala ng anumang pang-aabuso batay sa pisikal, emosyonal, o asal na mga palatandaan.
5. Tukuyin, i-refer at kung kinakailangan, i-report sa tamang ahensiya ang mga kaso ng pang-aabuso sa bata, pagsasamantala, karahasan, diskriminasyon, at *bullying*.
6. Magbigay ng tulong sa mga magulang o tagapag-alaga, kung kinakailangan ang pagkuha ng eksperto sa guidance counseling mula sa mga naaangkop na opisina o institusyon.
7. Makipag-ugnayan sa Women and Child Protection Desks ng Philippine National Police (PNP), Local Social Welfare and Development Office (LSWDO), government and non-government organization (NGOs), at iba pang ahensya kung kinakailangan.
8. Subaybayan ang pagpapatupad ng mga positibong hakbang at epektibong pamamaraan sa pagbibigay ng kinakailangang suporta para sa bata at sa mga tagapangalaga.
9. Tiyakin na ang karapatan ng bata ay napakikinggan, iginagalang at itinataguyod sa lahat ng usapin at pamamaraan na nakaaapekto sa kanilang kapakanan.

Gabay para sa magulang

Hikayatin ang bata na pag-aralan ang mga tungkulin ng School Child Protection Committee (SCPC) upang maunawaan kung paano pinoprotektahan ang mga mag-aaral. Tanungin siya kung ano ang kanyang naunawaan at hingian ng mga detalye tungkol sa responsibilidad ng komite sa pagpapanatili ng kaligtasan sa paaralan.

Mahalaga na alam ng bata ang role ng mga kasapi ng SCPC upang malaman kung kanino siya pwedeng lumapit kung kailangan ng tulong. Ang kaalaman sa mga tungkulin ng komite ay nagbibigay sa kanya ng kumpyansa at proteksiyon.

Sa inyong paaralan, pamilyar ka ba sa SELG at SSLG?



Kung ikaw ay nasa elementarya, mayroon tayong tinatawag na Supreme Elementary Learner Government (SELG). Ito ay isang grupo ng mga mag-aaral na naglalayong maging boses ng kanilang mga kaklase at tulungan silang makilahok sa mga gawaing pampaaralan. Layunin nito na gabayan ang mga mag-aaral sa paggawa at pagpapatupad ng mga programang makikinabang sa kanilang paaralan.

Kung ikaw naman ay nasa sekondarya, ang katulad na samahan ay tinatawag na Supreme Secondary Learner Government (SSLG). Ang SSLG ay nagtataguyod ng liderato at pakikilahok ng mga estudyante sa mga proyekto at aktibidad na makabubuti sa kanilang komunidad.

Sa parehong organisasyon, nagtutulongan ang mga estudyante upang mapabuti ang kanilang paaralan at magkaroon ng positibong epekto sa kanilang kapuwa.

Gabay para sa magulang

Tanungin ang bata tungkol sa SELG at SSLG at kung paano nakatutulong ang mga programa nito sa paaralan at mga mag-aaral. Ipaunawa na ang SSLG ay binubuo ng mga mag-aaral na may layuning ipagtanggol ang kanilang mga karapatan.

Ipaliwanag na may mandato ang SELG at SSLG na magsulong ng mga proyekto at aktibidad na tumutok sa kaligtasan, edukasyon, at proteksiyon ng mga mag-aaral. Sila ay katuwang ng paaralan at mga magulang sa pagpapabuti ng kalagayan ng mga kabataan.



Gabay sa Magulang

Panatiliing interaktibo ang pamamaraan ng pagtuklas ng mga bagong konsepto upang mahikayat ang bata na magpatuloy sa pagbabasa ng toolkit na ito. Ngayong nalaman na nila ang iba't-ibang mekanismo at estratehiya ay dadako naman ang susunod na usapin sa mga maaaring malapitan o mapagsumbungan ng mga bata kung sakaling sila ay makaranas/nakararanas ng pang-aabuso.

Pag-uulat at Pagsangguni

Ito ay isang sistematikong proseso na ginagamit upang iulat at isangguni ang mga kaso ng pang-aabuso, kapabayaang, o anumang uri ng panganib na nararanasan ng mga bata.

Ang prosesong ito ay nagbibigay ng malinaw na mga hakbang kung paano tugunan ng mga guro, magulang, at iba pang mga stakeholders kapag may nalaman silang sitwasyon na nangangailangan ng atensyon.




Gabay para sa magulang

Turuan ang bata ng tamang paraan ng pag-uulat ng pang-aabuso, tulad ng paglapit sa guro, magulang, o mga ahensya ng gobyerno. Ipaunawa na may mga proseso sa komunidad at paaralan na layong protektahan siya at tiyakin ang kanyang kaligtasan.

Bigyang-diin na hindi siya dapat matakot o mahiya sa pagsasabi ng nararamdaman, dahil may mga batas na nagpoprotekta sa kanyang karapatan. Ipaliwanag ang mga hakbang ng pag-uulat at kung paano ito makakatulong sa paglutas ng sitwasyon at pagtiyak ng proteksiyon.

Child Protection Referral Pathway




Gabay para sa magulang

Ipaliwanag sa bata kung ano ang Child Protection Referral Pathway at kung paano ito nakakatulong sa mga batang nangangailangan ng proteksiyon.

Ipaliwanag na may mga opisyal at ahensya tulad ng SCPC, BCPC, DSWD, PNP at iba pang Child Helpline na maaaring lapitan kung may nalalaman o nararanasang pang-aabuso.

The Flowchart on the Management of Cases of Child Abuse, Neglect and Exploitation



Gabay para sa magulang

Ipaliwanag sa bata na may sinusunod na proseso ang pamahalaan, paaralan, at iba't ibang ahensya upang matiyak na natutugunan ang mga kasong may kaugnayan sa kaligtasan at kapakanan ng mga bata.

Ang prosesong ito ay ipinapakita sa pamamagitan ng isang flowchart na naglalarawan ng hakbang-hakbang na paraan ng paghawak sa mga ganitong kaso.

REPORTING CHANNELS ON VIOLENCE AGAINST CHILDREN (VAC)

  Makabata Helpline 1383  https://cwc.gov.ph/  0919-354-1383 • 0915-802-2375  1383 MAKABATA HELPLINE	  NCC-OSAEC-CSAEM  (02) 8524-8939
  IACAT (Inter-Agency Council Against Trafficking)  https://iacat.gov.ph/  (02) 8527-2363 • (02) 8525-2131	  1343 Actionline against Human Trafficking  https://www.1343actionline.ph/  1343 Actionline@cfo.gov.ph  1343 Action Line
  (02) 8931-9141 (RRPT hotline)  Text DSWD <space> blockchildporn <space> URL address and send to 2327  Text blockchildporn <space> URL address and send to 0918-912-2813	  PNP Women and Children Protection  https://alengpulis.ph/  0966-725-5961 • 0919-777-7377
  Women and Children Cybercrime Protection Unit  https://acg.pnp.gov.ph/  (02) 8723-0401 ext. 7494  0968-896-4759	  PNP Patrol 911  https://pnp.gov.ph/



Gabay para sa magulang

Ipaliwanag sa bata na may mga channels kung saan maaaring iulat ang anumang kaso ng pang-aabuso, pananakit, kapabayaan, o eksploytasyon sa mga bata. Ang mga ito ay mga ahensya at institusyong maaaring lapitan para sa agarang aksyon at proteksiyon.

Mahusay!

Narito ang iyong *badge* para maging Batang Protektado at ligtas sa pang-aabuso! Maari ka nang magpatuloy sa susunod na lebel.



Gabay sa Magulang

Pagbati! Kasama ka ng bata sa paglalakbay na ito, batiin ang inyong mga sarili at maaring magkaroon ng repleksyon sa inyong mga natuklasan. Maaring itanong sa bata ang “Ano ang pinakatumatak na ideya sa lebel na ito?”

117 Purihin ang bata sa kanyang sagot, at maaring magdagdag pa ng mga ideya.



Pagbati!
Maligayang pagdating sa *Level 4*!

Marami tayong natutunan tungkol sa mga batas, polisiya, mekanismo at estratehiya tungkol sa pagprotekta sa mga katulad nating bata. Sa lebel na ito, alamin naman natin kung paano tayo makikilahok sa pagsasagawa ng mga hakbang tungo sa proteksiyon natin.

Gabay sa Magulang

Narito na kayo sa huling lebel, at ito ay kasinghalaga ng mga naunang lebel na inyong natapos. Sa puntong ito, mahalaga na mapanatili ang interes at motibasyon ng bata upang magpatuloy at makamit ang tagumpay. Ang pagtatapos ng lebel na ito ay hindi lamang tanda ng pagkatuto kundi isang hakbang patungo sa mas malalim na pang-unawa at responsibilidad sa mga isyung tinalakay.

Mga Benepisyo ng Partisipasyon ng Bata

Ang pakikilahok ay nag-aambag sa kultura ng respeto, nagtataguyod ng pampublikong partisipasyon, at aktibong pagkamamamayan.

Ang mga batang "empowered" ay mas may kaalaman at impormasyon, kaya't sila ay protektado laban sa karahasan, pagsasamantala, pang-aabuso, sakit, at iba pang isyu.

Dapat alam natin ang mga ito!

Ang pakikilahok ay maaaring makatulong sa pagpapataas ng tiwala sa sarili at sa kapwa, paglinang ng kakayahan sa pangangatwiran, at pag-unawa sa iba.

Ang kontribusyon ng mga bata ay nagpapalakas sa mga solusyon sa mga suliranin. Kapag binigyan ng pagkakataon, napatutunayan nila na maaari silang positibong makapag-ambag sa mga desisyon na nakaaapekto sa kanila.



Gabay para sa magulang

Sa lebel na ito, tutulungan mo ang iyong anak na maunawaang mabuti ang benepisyo ng child participation.

Tanungin ang bata kung nais ba niya na nakikilahok sa mga aktibidad sa inyong komunidad o maging sa kanyang paaralan? Hikayatin ang bata na magbahagi ng kanyang karanasan tungkol sa pakikilahok.

Maaring ipaliwanag ang mga benepisyo ng pakikilahok, at maglahad ng mga halimbawa nito.

Mga Paraan ng Makabuluhang Pakikilahok ng mga Bata



Consultative



Collaborative



Child-led

Gabay para sa magulang

Bilang magulang, malaki ang iyong papel sa pagtulong sa bata na makilahok sa anumang gawain. Ang iyong suporta ay mahalaga upang matutunan ng bata ang kahalagahan ng pagpapahayag ng opinyon at aktibong pakikilahok sa mga programa, na nagpapalakas ng kanyang tiwala at kakayahan.

Dapat bigyan ng pantay na halaga ang mga bata, maging sila man ay kalahok o pinuno. Ang pagbibigay sa kanila ng plataporma upang marinig at seryosohin ang kanilang mga boses ay nakatutulong sa kanilang pag-unlad at pagpapalakas ng kanilang kasanayan sa pamumuno.

Mga Paraan ng Makabuluhang Pakikilahok ng mga Bata



Consultative

Ang mga bata ay **kinokonsulta at tinatanong ng kanilang mga pananaw o ideya**, ngunit ang mga desisyon ay nananatili sa mga nakatatanda.



Collaborative

Ang mga bata ay **aktibong nakikipagtulungan kasama ang mga nakatatanda** upang makabuo ng mga plano at magpatupad ng mga gawain. Nag-aambag sila sa pagdidisenyo ng mga pamamaraan para sa proseso at naririnig ang kanilang mga pananaw.



Child-led

Ang mga bata mismo ang **namumuno o nagpaplano ng mga aktibidad at sila na ang nagdedesisyon**. Ang mga nakatatanda ay maaaring magbigay ng suporta o gabay kung kinakailangan.

Gabay para sa magulang

Gabayan ang bata sa pagtuklas ng iba't ibang paraan ng pakikilahok. Magbigay ng mga halimbawa upang matulungan siyang lubos na maunawaan ang bawat paraan.

Mahalagang ipaliwanag na ang bawat paraan ng pakikilahok ay isang mahalagang aspeto ng kanilang pagkatuto at personal na pag-unlad. Gayunpaman, magiging mas makabuluhan kung ang paraan ng pakikilahok ay naaayon sa kanilang edad, kakayahan, sitwasyon, at interes. Sa ganitong paraan, matututo ang mga bata ng kamalayan sa kanilang kakayahan at responsibilidad habang nagiging produktibo at responsableng miyembro ng kanilang komunidad.

Partisipasyon ng bata sa iba't-ibang lugar



Tahanan

Nararapat lamang na mabigyan sila ng pagkakataon na ipahayag ang kanilang mga saloobin at opinyon lalo na sa mga bagay na nakaaapekto sa kanila. Inaasahan sa mga nakatatanda na sila ay pakinggan at unawain. Mas mainam na sa tahanan nila ito unang maranasan upang maramdaman nila na ligtas sila sa lugar na ito na malayang maipahayag ang kanilang suhestiyon at saloobin.

Gabay para sa magulang

Ipaliwanag sa bata ang kahalagahan ng kanilang partisipasyon sa loob ng tahanan. Narito ang iilan sa halimbawa na ang bata ay nakikilahok sa mga gawain o pagdedesisyon sa loon ng tahanan.

- Pagtanong sa kanila kung ano ang gusto nilang kainin sa hapunan; kung paano nila ilaan ang kanilang allowance.
- Pagsali sa mga talakayan ng pamilya tungkol sa mga hakbang sa pagtitipid sa gastos sa bahay.
- Pagbahagi ng ideya sa paghahati ng gawaing bahay sa bawat miyembro ng pamilya.
- Paglahok sa mga proseso ng paggawa ng desisyon tulad ng paglipat sa ibang lugar o kung anong mga paaralan ang gusto nilang pasukan.

Ang pakikilahok ng bata sa loob ng tahanan ay nagpapakita ng kanilang mahalagang miyembro ng pamilya gunit kailangan din isaalang alang ang kanilang edad, kakayahan, sitwasyon at interes sa mga ito.

Partisipasyon ng bata sa iba't ibang lugar

Mahalagang bigyan ng pagkakataon ang mga bata na pumili ng paaralan na nais nilang pasukan sa abot ng kakayahan ng kanilang mga magulang. Dapat din tiyakin na ang napiling paaralan ay *child-friendly* at *environment-friendly* upang masiguro ang kanilang kaligtasan.

Ang pakikilahok ng bata sa mga organisasyon sa paaralan katulad ng **Supreme Elementary Learner Government (SELG)** o **Supreme Secondary Learner Government (SSLG)** ay nakatutulong upang matutunan nilang makabuo ng mga komprehensibong programa para sa proteksiyon ng mga mag-aaral sa paaralan.



Paaralan

Gabay para sa magulang

Bilang magulang, mayroon kang responsibilidad na maisakatuparan ang kanilang karapatan na umunlad at kabilang dito ang makapagtamasa ng de-kalidad na edukasyon.

Bukod sa tahanan, isa rin ang paaralan sa mga lugar na humuhubog ng kanilang husay at talento, at may malaking ambag sa pagbuo ng kanilang pagkatao. Mahalaga na maipasok ang mga bata sa isang Child-friendly school upang sila ay ligtas na nakakapagpaunlad ng kanilang sarili.

Ang partisipasyon ng bata sa iba't-ibang uri ng plataporma sa paaralan ng walang takot dahil sila ay ligtas at walang diskriminasyon sa paaralan ay malaking oportunidad na maabot nila ang kanilang kabuuang potensyal bilang indibidwal.

Partisipasyon ng bata sa iba't ibang lugar



Komunidad

Ang mga bata ay maaaring maging kinatawan ng *Council for the Protection of Children* at maging boses ng mga kapwa bata para sa pagpapaabot ng nararanasang isyu ng bata at pagbuo ng mga proyekto na tutugon sa mga isyu. Dito nabibigyan ng ligtas na lugar ang mga bata upang masiguro na protektado sila sa lahat ng pagkakataon.

Gabay para sa magulang

Ang komunidad ang lugar kung saan nariyan ang tahanan, paaralan at ibang pang mga pasilidad na nagbibigay serbisyo sa mga mamayan nito.

Mahalagang ang komunidad ay mayroong mga pasilidad o lugar para tugunan ang emosyonal, sikolohikal, pisikal, at maging ang espiritwal na aspeto na bawat indibidwal. Ang mga bata ay nararapat ding bigyang pansin, dahil mayroon silang espesyal na pangangailangan na kailangang tugunan ng mga taong nakapalibot sakanya.

Bilang magulang, responsibilidad mo din na alamin ang mga programa at serbisyo sa komunidad na iyong kinabibilangan na maaring makatulong sa inaasahang pag-unlad ng bata.

Hango mula sa Protektado Kami! Child Protection Toolkit: Gabay ng Bata

Mga Inisyatibo ng Educo Tungo sa Pagpapatibay ng Proteksiyon sa Bata

Project KCiE

Isinagawa ng Educo ang isang *Disaster Risk Reduction (DRR) Training* kung saan natutunan ng mga bata ang tamang paghahanda sa panahon ng krisis at sakuna.

Ang mga bata mismo ang tumukoy ng mga kakulangan o *gaps* sa kanilang komunidad kaugnay ng DRR at bumuo ng mga rekomendasyong programa, proyekto, o aktibidad upang matugunan ang mga naitalang hamon at kakulangan.



Ang isinagawang “*DRR Training*”, sa ilalim ng **Project Keeping Children In-School, Bringing Back to Education the Out-of-School (KCiE)** ng Educo.

Project STEPS



Ang larawang ito ay kuha sa isinagawang “*Training on Revisiting Child Protection Policy*” sa ilalim ng **Project STEPS (Strategic Approach towards Engaging Children in their Protection and Ensuring a Safe and Protective Environment for Children and Adolescents)** ng Educo.

Ang mga bata sa *sponsored area* ng Educo ay katuwang sa pagtukoy ng mga isyu tungkol sa *child protection* sa kanilang paaralan at komunidad. Kasama rito ang muling pagsusuri ng *Child Protection Policy* ng kanilang paaralan at ang kontekstwalisasyon nito ayon sa mga isyung mahalaga sa kanilang komunidad.

Sa pamamagitan nito, nagiging boses ang mga bata sa kanilang komunidad sa pagbuo ng bagong polisiya na makatutulong sa seguridad nila.

Ang kanilang partisipasyon ay hindi lamang nagbibigay ng boses sa mga kabataan kundi nag-aambag din sa mas malawak na aksyon ng komunidad para mas mapagtibay ang mga proteksiyon sa kapwa nila bata.

Isa sa mga inisyatibo ng Educo ay ang “*Training on Revisiting Child Protection Policy*” na may layuning makatulong upang maiwasan ang anumang karahasan at mabigyan ng proteksiyon ang mga bata. Ito ay pinangunahan ng mga bata at ng komunidad upang tumugon sa mga hamon ng sakuna o krisis para sa mas ligtas na kapaligiran.

Hango mula sa Protektado Kami! Child Protection Toolkit: Gabay ng Bata

Mga Inisyatibo ng Educo Tungo sa Pagpapatibay ng Proteksiyon sa Bata

Project STEPS

Ang Educo ay nagsagawa ng mga *consultative sessions* sa ilalim ng Project STEPS kasama ang mga *right holders* bago pa man buuin ang *child protection manual at toolkit*. Sa mga sesyong ito, nakalap ang mga pananaw ng mga bata hinggil sa mga aspekto ng proteksiyon na nais nilang isama sa *toolkit*, na may layuning palakasin ang proteksiyon para sa mga bata.

Ang Child Protection Manual and Toolkit ay magbibigay ng mahalagang kaalaman sa mga bata tungkol sa kanilang mga karapatan sa proteksiyon laban sa karahasan, lalo na sa panahon ng krisis at mga sakuna.



Ang larawang ito ang kuha sa isinagawang “Consultative Session” sa ilalim ng **Project STEPS (Strategic Approach towards Engaging Children in their Protection and Ensuring a Safe and Protective Environment for Children and Adolescents)** ng Educo.

Project SAGIP

Ang *Barangay Children Organization (BCO)* ng Proyekto ng *Strengthening Accountability in Governance towards Ending Child Labor by Promoting Rights and Providing Socio-Economic Support (SAGIP)* ang nanguna sa pagsasagawa ng kampanya para sa pagpapalaganap ng kamalayan hinggil sa isyu ng *child labor* sa kanilang komunidad, bilang pangunahing isyu na kinahaharap nila.

Ito ay *child-led* dahil pinangunahan ng mga bata ang aktibidad simula sa pagpapalano, pagsasagawa ng proposal, at pagsasagawa ng mismong aktibidad. Ang mga adult ang nagsilbing suporta upang matagumpay na maisagawa ang aktibidad.

Ang “*World Day Against Child Labor 2024*” sa ilalim ng Project SAGIP ng Educo ay isinakatuparan na naglalayong masugpo ang suliranin ng *child labor* sa pamamagitan ng pagpapalakas ng pamamahala ng mga *duty-bearers* at mga inisyatibong pinangunahan ng mga bata upang wakasan ang *child labor* sa Rehiyong Bicol.

Dagdag pa rito, ilan rin sa mga benepisaryong *child laborers* ng proyekto ay hindi na nagtrabaho at ngayon ay tinatamasa ang kanilang mga karapatan—ang makapag-aral at maglaro ng malaya kasama ang kanilang mga kababatang walang alalahanin.



Kuha sa isinagawang “*World Day Against Child Labor 2024*” sa ilalim ng **Project SAGIP (Strengthening Accountability in Governance towards Ending Child Labor by Promoting Rights and Providing Socio-Economic Support)** ng Educo.

Gabay para sa magulang

Ang gobyerno ang nangununa sa pagpapatupad ng mga programa at serbisyo para sa proteksiyon sa mga bata. Bukod dito, nariyan din ang mga pribadong sektor, non-government organization at mga grupo ng mga relihiyosong organisasyon na tumutulong na makapagbigay ng mga programa o serbisyo para sa bata.

Ang Educo Philippines ay isang organisasyon na tumutulong at sumusuporta upang maipatupad ang karapatan ng mga bata. Kung saan ito ay may bisyon ng **“Isang mundo kung saan ganap na tinatamasa ng lahat ng mga bata ang kanilang mga karapatan at namumuhay ng marangal”** at patuloy na ginagampanan ang kanilang misyon na makipagtulungan sa mga bata at sa kanilang mga komunidad upang itaguyod ang makatarungan at pantay na lipunan na ginagarantiyahan ang kanilang mga karapatan at kapakanan.

Bigyang diin ang kahalagahan ng pagpapatupad ng mga programa at serbisyo para sa proteksiyon para sa mga bata, at ang mahalagang gampanin ng bata sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga ito.

Maligayang Pagbati!

Matapos ang ating makulay na paglalakbay, narito tayo sa huling bahagi kung saan tiyak ay mas pinalawak na ang iyong kaalaman tungkol sa mga batas at polisiya na naglalayong protektahan ang mga bata.

Sa ngayon, ikaw ay isang ganap na **CHILD PROTECTION ADVOCATE**! Narito ang iyong badge bilang patunay na ikaw ay isang **Batang Protektado**—isang tagapagtanggol ng karapatan at kaligtasan ng mga kabataan!



Gabay sa Magulang

Pagbati! Nagtagumpay ang mga bata na marating ang dulo ng paglalakbay na ito. Tagumpay din na nagampanan mo ang iyong tungkulin bilang magulang o caregiver sa bata. Batiin ang bawat isa sa pagiging ganap na CHILD PROTECTION ADVOCATE.

Kahulugan ng mga Salita

4Ps (Pantawid Pamilyang Pilipino Program) - isang *conditional cash transfer program* ng gobyerno ng Pilipinas sa ilalim ng Department of Social Welfare and Development na may layuning puksain ang matinding kahirapan sa Pilipinas sa pamamagitan ng pamumuhunan sa kalusugan at edukasyon partikular na sa edad 0-18.

Armed conflict - tumutukoy sa mga labanan sa pagitan ng mga puwersa ng gobyerno at mga armadong grupo, o kaya naman sa pagitan ng mga grupong ito sa loob ng Pilipinas. Kasama dito ang mga gawain na maaaring magdulot ng armadong labanan o karahasan na naglalagay sa mga buhay ng mga bata sa panganib at nakakasira sa kanilang mga karapatan.

Batas - isang alituntunin o patakaran na ipinapatupad ng gobyerno upang magtakda ng mga tamang pamantayan sa mga gawain ng mga tao.

Barangay Council for the Protection of Children (BCPC) - ito ay isang konseho sa barangay na binubuo ng mga opisyal ng barangay at mga kasapi mula sa iba't ibang sektor na may layuning protektahan ang mga bata sa kanilang komunidad. Ito rin ay tumutukod sa mga isyu tulad ng pang-aabuso, kalusugan, edukasyon, at iba pang karapatan ng mga bata upang matiyak ang kanilang kaligtasan.

Best interest - tumutukoy sa kung ano ang pinakamabuti para sa isang tao, lalo na sa mga bata. Ito ay tumutok sa mga desisyon o aksyon na makikinabang at magpapabuti sa kalagayan, kaligtasan, at kaligayahan ng isang bata.

Biktima - isang tao na nakaranas ng pinsala, sakit, o hindi makatarungang pagtrato dahil sa isang aksidente, krimen, o masamang pangyayari.

Bullying - pagdulot ng pisikal at pasalitang pananakit nang paulit-ulit. Natutukoy ang pambully sa pamamagitan ng intensiyon, dalas, at kapangyarihan at ito ay isang maling pattern ng pag-uugali.

Caregivers - mga tao na nagbibigay ng pangangalaga at suporta sa mga indibidwal na nangangailangan, tulad ng mga bata, matatanda, o taong may kapansanan. Maaari silang mga magulang, kamag-anak, o mga propesyonal.

Child Abuse - tumutukoy sa hindi makataong pagtrato sa bata maging ito man ay isang beses o paulit-ulit.

Child at Risk (CAR) - isang bata na vulnerable at nasa panganib na masangkot sa krimen dahil sa mga personal, pamilya, at panlipunang kalagayan.

Kahulugan ng mga Salita

Child In Conflict with the Law (CICL) - ay tumutukoy sa isang bata na pinaghihinalaan, inakusahan, o napatunayang nakagawa ng isang krimen ayon sa mga batas ng Pilipinas.

Child labor - ito ay tumutukoy sa kalagayan kung saan ang mga bata, karaniwang mas bata sa 18 taong gulang, ay pinipilit na magtrabaho na labag sa karapatan at makasasama sa kanilang kalusugan, edukasyon, at kabataan.

Child work - mga trabahong angkop sa edad ng mga bata na nakatutulong sa kanilang pisikal, emosyonal at mental na pag-unlad. Ito ang mga trabahong angkop sa edad ng mga bata na tumutulong sa kanilang pag-unlad, tulad ng pagtulong sa bahay o pag-aalaga sa mga alaga. Ang mga gawain ito ay nakatutulong sa kanilang pisikal, emosyonal, at mental na pag-unlad, tulad ng pagpapalakas ng katawan, pagkatuto ng responsibilidad, at pagpapabuti ng kasanayan sa paggawa ng desisyon.

Edukasyon - isang mahalagang proseso ng paghubog sa isipan at karakter ng isang tao. Ito ay hindi lamang tungkol sa pagkatuto ng mga aralin sa paaralan, kundi pati na rin sa pagtuturo ng mga tamang pag-uugali, pagpapahalaga, at kasanayan na magagamit sa buhay.

Kapabayaan - ito ay ang kakulangan o kawalan ng tamang atensiyon, pangangalaga at suporta ng magulang o sinumang taong pinagkakatiwalaang mag-alaga sa bata.

Karahasan - tumutukoy sa paggamit ng pisikal na lakas o pwersa na nagdudulot ng pinsala, sakit, o takot sa ibang tao.

Karapatan - mga kapangyarihang demokratiko ng isang mamamayan sa ilalim ng batas.

Konsultasyon - ang proseso ng paghahanap ng opinyon, payo, o impormasyon mula sa mga eksperto o mga taong may kaalaman hinggil sa isang partikular na usapin.

Learners with disabilities - mga mag-aaral na may kapansanan sa pag-aaral at nahihirapan makakuha ng mga pangunahing kasanayan o kaalamang pang-akademiko.

Mekanismo - isang paraan o sistema na ginagamit upang maisakatuparan ang isang layunin o proseso.

Non-discrimination - ang pagtrato sa lahat ng pantay-pantay, walang pinipiling lahi, kasarian, o relihiyon.

Kahulugan ng mga Salita

OSAEC - ito ay isang uri ng seksuwal na karahasan o pang-aabuso gaya ng pagmamaniipula at pagsasamantala sa mga bata na nagaganap sa online platforms.

Partisipasyon - ang aktibong paglahok ng isang tao sa mga gawain o desisyon, tulad ng sa komunidad, proyekto, o mga usapin na may kinalaman sa kanilang buhay.

Protection - ang pag-aalaga o pagtatanggol sa isang tao upang mapanatili ang kanyang kaligtasan, kapakanan, at mga karapatan.

Rights holder - ang tawag sa bata o indibidwal na mas mababa ang edad sa 18 taong gulang.

Safe Spaces - lugar o kapaligiran kung saan ang isang tao o grupo ng mga tao ay maaaring makadama ng tiwala na hindi sila malalantad sa diskriminasyon, pamumuna, panliligalig, o anumang iba pang emosyonal o pisikal na pinsala.

Serbisyo - ang pagbibigay ng tulong sa tao upang matugunan ang kanilang pangangailangan.

Toolkit - isang koleksyon ng mga gabay, materyales at resources na ginagamit upang protektahan ang mga bata mula sa panganib, pang-aabuso, at iba pang uri ng karahasan. Ito ay tumutulong sa mga guro, magulang, at komunidad na magbigay ng tamang pangangalaga at suporta sa mga bata.

Trafficking - mga aktibidad ng pagbili o pagbenta ng mga tao, o ng kumita ng pera mula sa trabahong pinipilit silang gawin.

MGA SANGGUNIAN

- Anti-Trafficking in Persons Act of 2003
- Batang Malaya Child Labor Knowledge Sharing System
- Compendium on Laws and Issuances of Children. (2022). Council for the Welfare of Children. Retrieved from [www.https://cwc.gov.ph](https://cwc.gov.ph)
- Council for the Welfare of Children (2018). 3rd National Plan of Action for Children (2017-2022)
- Council for the Welfare of Children & Educacion Fundacion y Cooperacion. (2014). Guidebook on Child Participation in the Philippines
- Department of Education. (2012). DepEd Order No. 40 (Child Protection Policy)
- Department of Education. (2013). DepEd Order No. 55, series of 2013. Implementing Rules and Regulations of RA No.10627 otherwise known as the Anti-bullying Act of 2013. Retrieved from www.deped.gov.ph
- Department of Education. (2015). DepEd Order No. 18, series of 2015. DepEd Guidelines and Procedures on the Management of Children-at-Risk (CAR) and Children-in-Conflict-with-the-Law. (CICL). Retrieved from www.deped.gov.ph
- Department of Justice & Department of Social Welfare and Development. (2014). Protocol for Case Management of Child Victims of Abuse, Neglect, and Exploitation. Retrieved from [www.https://www.doj.gov.ph](https://www.doj.gov.ph)
- Educacion Fundacion y Cooperacion. (n.d.). Kasali ka, kasali ako, kasali tayong lahat! Children's Guidebook on Child Participation in the Philippines
- Family Code of the Philippines (Executive Order 209) (1987)
- Juvenile Justice and Welfare Act (RA 9344) (2005)
- RA 7610 otherwise known as "Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and Discrimination Act"
- Save the Children Sweden. (2011). Child Rights Governance: Implementing Child Rights. Retrieved from [https:// resourcecentre.savethechildren.net](https://resourcecentre.savethechildren.net)

- Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and Discrimination Act (RA 7610) (1992)
- The Child and Youth Welfare Code (PD 603) (1974)
- The Revised Penal Code (RA 11648) (2021)
- National Baseline Study on Violence Against Children in the Philippines. UNICEF Philippines, 2016
- United Nations Children’s Fund Armenia. (n.d). Four Principles of the Convention on the Rights of the Child. Retrieved from www.unicef.org
- United Nations Children’s Fund Montenegro. (2019). Strategy for exercising the rights of the child. Retrieved from <https://www.unicef.org>
- United Nations Children’s Fund United Kingdom. (n.d.). A child rights-based approach. Retrieved from <https://www.unicef.org.uk>
- United Nations Children’s Fund. (n.d.). The United Nations Convention on the Rights of the Child - The Children’s Version. Retrieved from <https://www.unicef.org>
- United Nations Human Rights Office of the High Commissioner. (n.d.). Background to the Convention. Retrieved from www.ohchr.org

 educu.org

 info@educu.org.ph

   EDUCU Philippines

 Benjamin Imperial St., Legazpi City, Philippines

 (052) 481 2100

